(Para sa mga naghahanap ng trabaho)

**Tiyaking basahin upang matanggap ang benepisyo nang tama.**

（タガログ語）

# Guidebook para sa mga kwalipikadong tumanggap ng unemployment benefits ng Employment Insurance

| Petsa ng pagiging kwalipikadong tumanggap ng benepisyo | Reiwa Taon Buwan Araw | Araw ng pagkilala (Uri-Araw ng linggo) |
|---|---|---|
| Payment number | ☐☐ — ☐☐☐☐☐☐ — ☐ | Uri<br>Araw ng linggo |
| Pangalan | | |

## ◎ Ang mga sumusunod ay para sa Explanatory session para sa Employment Insurance

| Araw at oras para sa Explanatory Session para sa Employment Insurance | Buwan Araw ( Araw ng linggo) Oras Minuto |
|---|---|

* Mangyaring dalhin ang mga may markang ○ sa Explanatory session para sa Employment Insurance.

| | |
|---|---|
| 1 | Guidebook para sa mga kwalipikadong tumanggap ng unemployment benefits ng Employment Insurance |
| 2 | Mga kagamitan sa pagsusulat |
| 3 | Abiso ng itinalagang institusyong pinansyal para sa kahilingan ng pagbayad o bank (savings) passbook (naka-pangalan sa iyo) |
| 4 | Larawan na piraso (larawan ng itaas na bahagi ng katawan na may sukat na vertical 3cm × lapad 2.5cm) |
| 5 | Isa sa mga ito: My number card, Notification card, Residence card na may nakalagay na Individual number (*) |
| 6 | Isa sa mga ito: Lisensya sa pagmamaneho, personal identification/Certificate of Eligibility (na may larawan) na inisyu ng opisina ng gobyerno/munisipyo<br>(Mariner's pocket ledger para sa mga mandaragat) |
| 7 | Sertipiko ng mga item na nakasaad sa resident register (kopya ng Residence Card, Sertipiko ng Seal Impression)<br>National Health Insurance Card o Health Insurance Card |
| 8 | Iba pa ( ) |

(*) Kinakailangan ang mga dokumento sa pagkumpirma ng individual number (my number card atbp.) sa pamamaraan upang tumanggap ng benepisyo.

## ◎ Ang sumusunod ay ang araw ng pagkilala ng iyong unang kawalan ng trabaho.

| Araw ng pagkilala ng iyong unang kawalan ng trabaho | Buwan Araw ( Araw ng linggo) Oras Minuto ~ Oras Minuto |
|---|---|

* Tiyaking dalhin ang mga sumusunod sa araw ng pagkilala.

Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance/Application for Unemployment Verification/Iba pa ( )

**Tiyaking makipag-ugnayan sa amin kung ikaw ay hindi makakadalo sa explanatory session para sa emploiyment insurance**

* Kung mag-aapply ka para tumanggap ng benepisyo ng Employment Insurance, mangyaring tandaan na ang panahon kung kailan ikaw ay naka-enroll sa employment insurance bago ang araw ng pag-apply, nagbayad man o hindi ng mga basic allowance, ay hindi isasama sa pagkalkula ng mga kasunod na mga kinakailangan sa pagbayad ng Employment Insurance.

* Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa mga nilalaman, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming mga kawani.

* Limitado ang espasyo ng paradahan ng mga sasakyan, kaya hangga't maari ay gamitin ang pampublikong transportasyon.

**Ang mga Q&A ng Employment Insurance ay nakalagay sa website ng Ministry of Health, Labor and Welfare of Japan, kaya mangyaring tingnan ito.**
[Nandito ang URL] https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000139508.html

Hello Work (Public Employment Security Office) Labor Bureau Employment Security Department and Division

# Gamitin ang mga Serbisyo ng Hello Work

Nagbibigay ang Hello Work ng iba't ibang serbisyo, tulad ng pagpapakilala sa trabaho upang kayo ay makahanap ng inyong nais na matatag na trabaho sa lalong madaling panahon.

Ang Hello Work ay isang organisasyon ng pamahalaan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Ministry of Health, Labor and Welfare, kaya maaaring gamitin nang libre ang lahat ng aming serbisyo. Ipakikilala namin ang mga pangunahing serbisyo ng Hello Work sa ibaba, kaya mangyaring gamitin ang mga ito.

Gayundin, mangyaring dalhin ang iyong **"Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance"** kapag gagamitin ang Hello Work.

## Konsultasyon tungkol sa Trabaho

Ang tanggapan ng konsultasyon sa trabaho ng Hello Work ay nagbibigay ng iba't ibang konsultasyon ukol sa trabaho. Maaari kang kumunsulta tungkol sa kahit na ano tulad ng "Hindi ako makahanap ng nais kong trabaho," "Mayroong isang trabaho na interesado ako, ano ang dapat kong gawin…" atbp. Mangyaring huwag mag-atubiling dumalaw dito.

Gayundin, kami rin ay nagbibigay ng mga paliwanag ukol sa kasalukuyang sitwasyon ng pangangalap, mga payo upang ikaw ay muling makapagtrabaho sa lalong madaling panahon, atbp.

## Pagbibigay ng Impormasyon sa Pangangalap

Araw-araw nakakatanggap ang Hello Work ng mga bagong pangangalap mula sa iba't ibang kumpanya.

Ang impormasyon sa pangangalap ay maaaring madaling makita gamit ang computer.

Bilang karagdagan, ang Hello Work ay nagbibigay din ng impormasyon sa pangangalap na lumalabas sa ibang Hello Work, kaya maaaring makakuha ng malawak na saklaw ng impormasyon sa pangangalap.

## Pagpapakilala sa Iyong nais na Kumpanya

Kung mayroong pangangalap na iyong nais applyan, mangyaring dumalaw sa tanggapan ng konsultasyon sa trabaho.

Bilang karagdagan sa pagbibigay ng paliwanag at payo, at pagtanggap ng iyong mga katanungan ukol sa pangangalap na iyon, isasaayos namin ang araw at oras ng pakikipanayam sa tagapangasiwa ng kumpanya, at ibibigay namin ang letter of introduction.

Gayundin, kami ay makikipag-ugnayan sa kumpanya kung mayroong iba't ibang kondisyon sa pangangalap na hindi naaayon sa ilan sa iyong mga nais.

## Suporta sa Paghahanap ng Trabaho

Iba't ibang uri ng seminar ang isinasagawa sa Hello Work upang suportahan kayo sa paghahanap ng trabaho tulad ng pagpapayo tungkol sa paraan upang makahanap ng trabaho na angkop para sa iyo, ano ang mga dapat gawin sa pakikipanayam, atbp. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat Hello Work tungkol sa iskedyul ng iba't ibang uri ng seminar, atbp.

## Iba pang mga Serbisyo

Bilang karagdagan, nagbibigay kami ng iba't ibang serbisyo sa bawat Hello Work.

Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat Hello Work tungkol sa listahan at nilalaman ng serbisyo.

# Daloy ng Aplikasyon sa Pagtanggap ng mga Benepisyo

**Umalis sa trabaho**

↓

**Pag-apply sa paghahanap ng trabaho, at pagiging kwalipikadong tumanggap**

Para sa mga mag-aapply para tumanggap ng benepisyo, mangyaring dalhin ang mga kinakailangan na dokumento sa Hello Work. Kukumpirmahin at tutukuyin namin sa Hello Work kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap batay sa mga dokumento na isinumite.

↓

**Explanatory session para sa employment insurance**

Ikaw ay bibigyan ng mga kinakailangan na dokumento tulad ng Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance, atbp.
Gayundin, ipapaliwanag namin kung paano mag-apply para tumanggap ng benepisyo ng Employment Insurance at maghanap ng trabaho.
*Ang explanatory session para sa employment insurance ay maaaring gawin pagkatapos ng panahon ng paghihintay.

↓

**Pagkatapos ng panahon ng paghihintay**

Ang panahon mula sa araw na ikaw ay naging kwalipikadong tumanggap ng benepisyo hanggang sa kabuuang 7 araw ang lumipas ng pagiging walang trabaho ay tinatawag na "panahon ng paghihintay," at sa panahon na ito, ikaw ay hindi karapat-dapat para sa pagbayad ng Employment Insurance.

↓

**Paghihigpit ng benepisyo**

Ang mga nag-resign dahil sa sariling kagustuhan ay hindi babayaran ng basic allowance nang 3 pang buwan simula sa araw pagkatapos ng panahon ng paghihintay. Ito ay tinatawag na "paghihigpit ng benepisyo."

↓

**Pagkilala na walang trabaho**

Mangyaring isumite ang Application for Recognition of Unemployment sa bawat araw ng pagkilala (bilang pangkalahatang tuntunin, 1 beses sa 4 na linggo). Kukumpirmahin namin kung ika'y may trabaho o wala, ang record ng iyong aktibidad sa paghahanap ng trabaho, atbp., pagkatapos ay isasagawa ang pagkilala na walang trabaho.

↓

**Pagbayad ng basic allowance**

Ang basic allowance para sa bilang ng araw na ikaw ay kinilala na walang trabaho ay idedeposito sa iyong ordinary savings bank account (Ang panahon hanggang sa pag-deposito ay naiiba depende sa institusyong pinansyal, kaya sana ay maunawanan po ninyo na maaari itong abutin ng halos 1 linggo).

↓

**Bilang pangkalahatang tuntunin, ang araw ng iyong pagkilala ay itinalaga kada 4 na linggo.**

*Gamitin ang Konsultasyon sa Trabaho*
Maaaring mag-search ng mga pangangalap, kumonsulta tungkol sa trabaho, atbp., sa mga araw bukod sa araw ng pagkilala.
Muling makapagtrabaho sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng aktibong paghahanap ng trabaho.

↓

**Nakakuha ng trabaho**

Maaaring mag-apply para sa re-employment allowance; employment promotion standard allowance; employment allowance; outfit allowance for regular employees; re-employment benefits for the elderly, atbp., bilang benepisyo para sa iyong muling pagtatrabaho.

↓

**Pagwawakas ng pagbabayad**

*Maaaring gamitin ang konsultasyon sa trabaho kahit nagwakas na ang pagbayad.*
*Mangyaring huwag mag-atubiling dumalaw sa Hello Work.*

## 1 Sino ang Maaaring Tumanggap ng mga Benepisyo ng Employment Insurance

Ang Employment Insurance ay nagbibigay ng **"job applicant benefit"** upang ikaw ay nakatuon sa paghahanap ng trabaho nang hindi nababahala sa pamumuhay habang walang trabaho at muling makapagtrabaho sa lalong madaling panahon.

Ang job applicant benefit na ito ay **hindi siguradong matatanggap kapag umalis ka sa iyong trabaho.** Ang maaaring tumanggap ng job applicant benefit ay ang mga **walang trabaho** lamang.

## 2 Ano ang Ibig Sabihin ng Walang Trabaho?

Nangangahulugan na walang trabaho kapag natugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- **May intensyon na aktibong humanap ng trabaho.**
- **May kakayahang makapagtrabaho anumang oras (kondisyon ng kalusugan, sitwasyon, atbp.)**
- **Aktibong naghahanap ng trabaho, ngunit kasalukuyang walang trabaho.**

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang mga naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon sa ibaba ay hindi maaaring tumanggap ng job applicants' benefits.

1. Hindi makakapagtrabaho agad dahil sa sakit o injury (kabilang ang mga tumatanggap ng leave [compensation] benefits ng Workers' Accident Compensation Insurance, o injury and sickness allowance ng Health Insurance, atbp.)
2. Hindi makakapagtrabaho agad dahil sa pagbubuntis, panganganak, pag-aalaga ng anak, atbp.
3. Hindi makakapagtrabaho agad dahil sa pag-aalaga ng mga kamag-anak
4. Umalis sa trabaho dahil sa pagreretiro at magpapahinga muna ng sandali sa pagtatrabaho
5. Hindi nais magtrabaho dahil nakatuon sa gawaing-bahay matapos ikasal
6. Hindi makakapagtrabaho dahil sa pakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng pagtulong sa mga gawaing-bahay, agrikultura, negosyo, atbp.
7. Self-employed (kabilang ang paghahanda) *Hindi mahalaga kung mayroon o walang kita.
8. Hinirang na director ng kumpanya, atbp. (mangyaring kumpirmahin sa Hello Work kung walang aktibidad o gantimpala)
9. May trabaho (kabilang ang apprenticeship, trial period, at training period. Hindi mahalaga kung mayroon o walang kita)

* Kung ang bilang ng oras sa trabaho bawat linggo ay mas mababa sa 20 oras, kinakailangan mong ideklara ang araw na nagtrabaho at ang halaga ng iyong kita. Maaari kang tumanggap ng basic allowance sa ibang araw na ikaw ay walang trabaho.

10. Nakatuon sa gawaing akademiko (pumapasok sa day school, kaya hindi makakapagtrabaho agad)
11. Napagpasiyahan na ang sunod na trabaho (kabilang ang nakareserba sa trabaho at hindi opisyal na alok)

* Kung hindi ka makakapagtrabaho agad dahil sa dahilan sa 1., 2., 3., at 4., maaaring **ma-extend ang benefit period** (tingnan ang pahina 17)

**Mayroong bang mga sitwasyon na hindi ako maaaring tumanggap ng job applicant benefit kahit nagbabayad ako ng insurance premiums?**

Ang Employment Insurance ay hindi isang sistema kung saan siguradong ikaw ay maaaring tumanggap ng pagbayad hangga't binabayaran mo ang insurance premiums tulad ng installment savings.

Ang Employment Insurance ay isang sistema ng governmental mutual aid (cooperative aid) na pinamamahalaan ng pamahalaan gamit ang buwis na iyong binabayaran, at buwis at insurance premiums mula sa ibang manggagawa at employer.

Dahil dito, hindi ka maaaring tumanggap ng pagbayad maliban na lamang kung natugunan mo ang mga kinakailangan ayon sa batas.

## Ano ang dapat kong gawin kung gusto kong magtabaho, ngunit hindi maaari dahil sa sakit, atbp. sa kasalukuyan?

Bilang pangkalahatang tuntunin, maaaring tumanggap ng job applicants' benefit sa 1 taon mula sa araw kasunod ng araw na umalis sa trabaho. Ang panahon na ito ay tinatawag na "benefit period."

Kung ikaw ay hindi makakapagtrabaho agad dahil sa sakit, pagbubuntis, atbp., pagkatapos mag-resign sa trabaho, at lumipas na ang benefit period, hindi mo na maaaring magamit ang sistema ng insurance.

Samakatuwid, kung natugunan mo ang mga tiyak na pamantayan, mayroong sistema kung saan maaaring ma-extend ang benefit period sa tiyak na panahon, at pagkatapos nito, maaari kang mag-apply para sa pagtanggap ng Employment Insurance kapag ikaw ay maaari nang makapagtrabaho (para sa mga detalye, tingnan ang pahina 17).

## Maaari ba akong tumanggap ng insurance kung umalis ako sa trabaho at pumasok sa day school upang kumuha ng mga kwalipikasyon?

Ikaw ay hindi maaaring tumanggap ng job applicant benefit kung ikaw ay papasok sa day school, at hindi ka na maituturing na "walang trabaho" tulad ng ipinaliwanag sa nakaraang pahina.

Gayundin, bilang pangkalahatang tuntunin, hindi ka ituturing na manggagawa sa ilalim ng Employment Insurance Act at hindi ka maaaring tumanggap ng job applicant benefit kung ikaw ay estudyante (maliban sa correspondence, night-time, at part-time na estudyante. Tinatawag na "daytime student" sa ibaba.) o mga katulad ng daytime student ng paaralan na itinakda sa Artikulo 1, vocational school na itinakda sa Artikulo 124, o iba't ibang paaralan na itinakda sa Artikulo 134, talata 1 ng School Education Act.

## Anong uri ng sitwasyon ang "May trabaho?"

Ang "may trabaho" na tinukoy ng Employment Insurance Act ay hindi lamang ang tinatawag na full-time na empleyado, kundi kabilang na rin ang mga part-time workers, trainees, atbp.

Gayundin, siyempre kapag hinirang na director ng kumpanya, self-employed o naghahanda na maging self-employed, nakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng agrikultura o negosyo, pagbibigay ng tulong sa subcontract o service agreement may sideline sa bahay, volunteer works, atbp., ay maaaring mapabilang sa mga "may trabaho." Para sa mga detalye, tingnan ang "12  Paano Sumulat ng Application for Unemployment Verification?"

## 3 Paano Tingnan ang Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance?

◎Harap

### 雇用保険受給資格者証

（第１面）

| 1. 支給番号 | 2. 氏名 |
|---|---|
| 1 | 2 |

| 3. 被保険者番号 | 4. 性別 | 5. 離職時年齢 | 6. 生年月日 | 7. 求職番号 |
|---|---|---|---|---|
| 3 | | 5 | 6 | |

| 8. 住所又は居所 |
|---|
| |
| 9. 支払方法(記号(口座)番号 - 金融機関名 - 支店名) |
| 9 |

| 10. 資格取得年月日 | 11. 離職年月日 | 12. 離職理由 |
|---|---|---|
| | 11 | 12 |
| 13. 60歳到達時賃金日額 | 14. 離職時賃金日額 | 15. 給付制限 |
| | 14 | 15 |

| 16. 求職申込年月日 | 17. 認定日 | 18. 受給期間満了年月日 |
|---|---|---|
| 16 | 17 | 18 |
| 19. 基本手当日額 | 20. 所定給付日数 | 21. 通算被保険者期間 |
| 19 | 20 | 21 |

| 22. 離職前事業所名 |
|---|
| |

| 23. 再就職手当支給歴 | 24. 特殊表示（災害時、一括、巡相、市町村） |
|---|---|
| 23 | |

◎Likod

## [Kung ang dahilan kaya umalis sa trabaho ay 11, 12, 21, 22, 23, 24, 25, 31, 32, 33]

| 行数 | 処理月日 | 認定（支給）期間 | 日数 | 種類 | 支給金額 | 残日数 | 備考 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 0530 | 20-012345-6 | | Taro Koyo | | Sunod na araw ng pagkilala Hunyo 27 | |
| 2 | | Pagtapos ng panahon ng paghihintay<br>Araw ng pagtapos ng panahon ng paghihintay | | 020508 | | | |
| 3 | | 020509-0529 | 21 | Basic Allowance | ¥〇〇〇, 〇〇〇 | 69 | |
| 4 | | | | | | | |

Ang "020509-0529" "21" ay tumutukoy sa panahon ng pagkilala (Mayo 9-Mayo 29, 2020) at ang kinikilalang bilang ng araw ng pagbayad (21 araw)

Bilang ng natitirang araw ng pagbayad

## [Kung ang dahilan kaya umalis sa trabaho ay 40, 50] (kung may paghihigpit ng benepisyo)

| 行数 | 処理月日 | 認定（支給）期間 | 日数 | 種類 | 支給金額 | 残日数 | 備考 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 0530 | 20-012345-6 | | Taro Koyo | | Sunod na araw ng pagkilala Agosto 22 | |
| 2 | | Pagtapos ng panahon ng paghihintay<br>Araw ng pagtapos ng panahon ng paghihintay | | 020508 | | | |
| 3 | | Deadline ng paghihigpit ng benepisyo 020509-020808 | | Dahilan kaya Umalis sa Trabaho 40 | | | |
| 4 | | | | | | | |

Ang "020509-020808" ay makikita kapag nakatanggap ng paghihigpit ng benepisyo, at sa panahon na ito (Mayo 9-Agosto 8, 2020), hindi ka babayaran ng basic allowance.

**Mangyaring siguraduhing tingnan kung walang mali sa nilalaman. Kung mayroon mang mali, mangyaring sabihin ito sa kawani.**

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Payment Number | Ang numerong ito ay kailangan para sa pagtanggap ng benepisyo. Ang numerong ito ay ginagamit upang makipag-ugnayan sa Hello Work, atbp. (Hello Work o District Transport Bureau / Seamen Administration Division) at isinusulat sa Application for Unemployment Verification. |
| 2 | Pangalan | Tama ba ang pagbasa ng iyong pangalan? (Mangyaring tandaan na hindi maidedeposito ang bayad kapag naiiba ito sa pagbasa na nakarehistro sa institusyong pinansyal) |
| 3 | Insured Number | Ang numerong ito ay gagamitin din sa Employment Insurance para sa trabaho sa hinaharap. |
| 5 | Edad nung Umalis sa Trabaho | Ito ang iyong buong edad nung umalis ka sa trabaho. |
| 6 | Kaarawan | Ang unang numero na "3" ay nagpapahiwatig ng "Showa," at ang "4" ay "Heisei." Ang kanang bahagi ng "-" ay nagpapahiwatig ng petsa. |
| 9 | Paraan ng Pagbayad | Ito ang pangalan ng itinalagang institusyong pinansyal, pangalan ng branch, at numero ng bank account. |
| 11 | Petsa nung Umalis sa Trabaho | Ito ang araw na umalis ka sa trabaho. |
| 12 | Dahilan kaya Umalis sa Trabaho | Ang dahilan kaya umalis sa trabaho ay ipinahihiwatig ng numero.<br>11, 12: Tinanggal sa trabaho (hindi kasama ang 50)<br>21: Yatoidome (Pagwawakas ng employment contract) (nagtrabaho nang 3 taon pataas sa ilalim ng parehong employer)<br>22: Yatoidome (Pagwawakas ng employment contract) (nagtrabaho nang mababa sa 3 taon sa ilalim ng parehong employer, may pagpapahiwatig ng renewal)<br>23: Kikan-manryo (Pagtatapos ng panahon) (nagtrabaho nang mababa sa 3 taon sa ilalim ng parehong employer, may pagpapahiwatig na maaaring mag-renew)<br>24: Kikan-manryo (Pagtatapos ng panahon) (maliban sa 21-23)<br>25: Pagreretiro (hindi kasama ang mga mandaragat) at paglipat ng permanenteng tirahan<br>31, 32: Pagre-resign dahil sa sariling kagustuhan na may wastong dahilan (panghihikayat mula sa employer, atbp.)<br>33: Pagre-resign dahil sa sariling kagustuhan na may wastong dahilan (maliban sa 31, 32)<br>40, 45: Pagre-resign dahil sa sariling kagustuhan na walang wastong dahilan<br>50, 55: Tinanggal sa trabaho dahil sa seryosong kadahilanan na nauwi sa pagsisi sa sarili |
| 14 | Araw-araw na Halaga ng Sahod nung Umalis sa Trabaho | Bilang pangkalahatang tuntunin, ito ang halaga ng kabuuang sahod na binayad sa nakaraang 6 na buwan bago mismo umalis sa trabaho na hinati sa 180. |
| 15 | Paghihigpit ng Benepisyo | Ito ang panahon ng paghihigpit ng benepisyo kung mayroong paghihigpit ng benepisyo. |
| 16 | Petsa nung nag-apply para sa paghahanap ng trabaho | Ito ang araw na isinumite mo ang iyong job separation notice sa Hello Work at nag-apply para sa paghahanap ng trabaho. |
| 17 | Araw ng Pagkilala | Ang kaliwang bahagi ay nagpapahiwatig ng uri ng linggo at ang kanang bahagi ay ang araw ng linggo (tingnan ang pahina 11). |
| 18 | Huling araw ng benefit period | Ito ang huling araw na maaari kang tumanggap ng basic allowance. |
| 19 | Araw-araw na halaga ng basic allowance | Ito ang halaga ng basic allowance na matatanggap sa 1 araw. |
| 20 | Itinalagang Bilang ng Araw ng Benepisyo | Ito ang maximum na bilang ng araw na maaari kang tumanggap ng basic allowance (tingnan ang pahina 8). |
| 21 | Kabuuang Panahon na Insured | Ito ang kabuuang panahon na ikaw ay employed bilang insured (tingnan ang pahina 7). |
| 23 | Record ng Pagbayad ng Re-employment Allowance | Kung ikaw ay tumanggap ng re-employment allowance dati, ito ang huling araw na tumanggap ka ng pagbayad. |

- ☆ **Ang Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance ay hindi maaaring ipahiram o ibigay sa ibang tao. Kung naiwala mo ito, mangyaring ipagbigay-alam agad sa Hello Work, atbp.**
- ☆ **Ang Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance ay babasahin ng computer, kaya mangyaring huwag tupiin maliban sa linya na maaaring tupiin, at panatilihing itong malinis.**
- ☆ **Mangyaring itago ng Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance kahit nagwakas na ang pagbayad.**

## 4 Ano ang Araw-araw na Halaga at Bilang ng Araw ng Pagtanggap ng Basic Allowance?

Sa job applicant benefit, ang allowance na binabayad sa araw na ikaw ay walang trabaho ay tinatawag na **"basic allowance."**

(1) Bilang pangkalahatang tuntunin, **ang araw-araw na halaga ng basic allowance** ay humigit-kumulang **80%-45%** ng halaga ng kabuuang sahod (**araw-araw na halaga ng sahod**) na binayad sa nakaraang 6 na buwan bago mismo umalis sa trabaho na hinati sa **180** (ang araw-araw na halaga ng basic allowance ay may itinalagang hiwalay na maximum limit).

*Ang araw-araw na halaga ng basic allowance ay binabago sa Agosto 1 bawat taon batay sa resulta ng "Monthly Labor Statistics."

(2) Ang maximum limit ng araw-araw na halaga ng basic allowance ay nakatalaga rin sa bawat pangkat ng edad.

(Kung ang araw na naaangkop sa pagbayad ng basic allowance ay mula Agosto 1, 2020 hanggang Hulyo 31, 2021).

| Araw-araw na halaga ng sahod (w yen) | Benefit Rate | Araw-araw na halaga ng basic allowance (y yen) |
|---|---|---|
| **●Nasa edad na mababa sa 30, o edad 65 pataas nung umalis sa trabaho** | | |
| 2,574 yen pataas, mababa sa 5,030 yen | 80% | 2,059 yen-4,023 yen |
| 5,030 yen pataas, 12,390 yen pababa | 80%-50% | 4,024 yen-6,195 yen (*1) |
| Higit sa 12,390 yen, 13,700 yen pababa | 50% | 6,195 yen-6,850 yen |
| Higit sa 13,700 yen (maximum na halaga) | — | 6,850 yen **(maximum na halaga)** |
| **●Nasa edad 30 pataas, mababa sa edad 45 nung umalis sa trabaho** | | |
| 2,574 yen pataas, mababa sa 5,030 yen | 80% | 2,059 yen-4,023 yen |
| 5,030 yen pataas, 12,390 yen pababa | 80%-50% | 4,024 yen-6,195 yen (*1) |
| Higit sa 12,390 yen, 15,210 yen pababa | 50% | 6,195 yen-7,605 yen |
| Higit sa 15,210 yen (maximum na halaga) | — | 7,605 yen (maximum na halaga) |
| **●Nasa edad 45 pataas, mababa sa edad 60 nung umalis sa trabaho** | | |
| 2,574 yen pataas, mababa sa 5,030 yen | 80% | 2,059 yen-4,023 yen |
| 5,030 yen pataas, 12,390 yen pababa | 80%-50% | 4,024 yen-6,195 yen (*1) |
| Higit sa 12,390 yen, 16,740 yen pababa | 50% | 6,195 yen-8,370 yen |
| Higit sa 16,740 yen (maximum na halaga) | — | 8,370 yen (maximum na halaga) |
| **●Nasa edad 60 pataas, mababa sa edad 65 nung umalis sa trabaho** | | |
| 2,574 yen pataas, mababa sa 5,030 yen | 80% | 2,059 yen-4,023 yen |
| 5,030 yen pataas, 11,140 yen pababa | 80%-45% | 4,024 yen-5,013 yen (*2) |
| Higit sa 11,140 yen, 15,970 yen pababa | 45% | 5,013 yen-7,186 yen |
| Higit sa 15,970 yen (maximum na halaga) | — | 7,186 yen (maximum na halaga) |

*１　y= 0.8w－0.3｛(w－5,030)/7,360｝w

*２　y=0.8w-0.35｛(w－5,030)/6,110｝w，y=　0.05w＋4,456, alinman ang mas mababa na halaga

(3) Ang maximum na bilang ng araw na maaaring tumanggap ng basic allowance ay nakatalaga tulad ng ipinapakita sa susunod na pahina at depende sa **iyong edad nung araw na ikaw ay umalis sa trabaho, panahon na employed bilang insured, at bilang pangkalahatang tuntunin, ang pinakadirektang dahilan kaya umalis sa trabaho** (ito ay tinatawag na **"Itinalagang bilang ng araw ng benepisyo"**).

### Panahon na employed bilang insured

Kung mayroong agwat sa panahon ng pagiging insured dahil sa paglipat ng trabaho, at kung ang agwat na iyon ay nasa loob ng 1 taon, ang panahon ng pagiging insured bago at pagkatapos nun ay idadagdag. Gayunpaman, kung ikaw ay tumanggap ng basic allowance (kabilang ang re-employment allowance, atbp.) o special lump sum sa nakaraan, ang panahon ng pagiging insured pagkatapos tanggapin ang mga pagbayad na iyon lamang ang idadagdag.

Gayundin, ang panahon na nagtrabaho bilang personnel para sa pag-promote ng employment exchange na itinakda sa artikulo 21, talata 1 ng Public-Private Personnel Exchange Law, at ang panahon na tumanggap ng childcare leave benefits (pagkatapos ng Oktubre 1, 2007) ay hindi kasama sa pagkalkula ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

## Itinalagang Bilang ng Araw ng Benepisyo

① Mga umalis sa trabaho dahil natapos na ang panahon ng kontrata, nagretiro, o sariling kagustuhan (lahat ng umalis sa trabaho maliban sa ② at ③)

| Panahon ng pagiging Insured / Edad nung umalis sa trabaho | Mababa sa 10 taon | 10 taon pataas, mababa sa 20 taon | 20 taon pataas |
|---|---|---|---|
| **Lahat ng edad** | **90 araw** | **120 araw** | **150 araw** |

② Mga umalis sa trabaho dahil sa pagkalugi ng kumpanya, tinanggal sa trabaho, o pagwawakas ng employment contract na nakatugon sa mga tiyak na kinakailangan (hindi kasama ang ③)

<table>
<tr><th>Panahon ng pagiging Insured / Edad nung umalis sa trabaho</th><th>Mababa sa 1 taon</th><th>1 taon pataas, mababa sa 5 taon</th><th>5 taon pataas, mababa sa 10 taon</th><th>10 taon pataas, mababa sa 20 taon</th><th>20 taon pataas</th></tr>
<tr><td>Mababa sa edad 30</td><td rowspan="5">90 araw</td><td>90 araw</td><td>120 araw</td><td>180 araw</td><td>—</td></tr>
<tr><td>Edad 30 pataas, mababa sa edad 35</td><td>120 araw</td><td rowspan="2">180 araw</td><td>210 araw</td><td>240 araw</td></tr>
<tr><td>Edad 35 pataas, mababa sa edad 45</td><td>150 araw</td><td>240 araw</td><td>270 araw</td></tr>
<tr><td>Edad 45 pataas, mababa sa edad 60</td><td>180 araw</td><td>240 araw</td><td>270 araw</td><td>330 araw</td></tr>
<tr><td>Edad 60 pataas, mababa sa edad 65</td><td>150 araw</td><td>180 araw</td><td>210 araw</td><td>240 araw</td></tr>
</table>

* Ang talahanayan sa ② na nararapat sa mga umalis sa trabaho dahil sa pagwawakas ng employment contract na nakatugon sa mga tiyak na kinakailangan ay isang pansamantalang hakbang (para sa mga umalis sa trabaho hanggang Marso 31, 2022).

③ Mga nahihirapan humanap ng trabaho tulad ng mga may kapansanan (Kailangang ipagbigay-alam ng tao mismo)

<table>
<tr><th>Panahon ng pagiging Insured / Edad nung umalis sa trabaho</th><th>Mababa sa 1 taon*</th><th>1 taon pataas</th></tr>
<tr><td>Mababa sa edad 45</td><td rowspan="2">150 araw</td><td>300 araw</td></tr>
<tr><td>Edad 45 pataas, mababa sa edad 65</td><td>360 araw</td></tr>
</table>

* Ang "mababa sa 1 taon" na column ay nararapat lamang sa mga umalis sa trabaho dahil sa mga dahilan na naaangkop sa ② o ibang di maiwasang dahilan.

## 5 Ano ang Panahon na Maaaring Tumanggap ng Basic Allowance?

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang panahon na maaaring tumanggap ng basic allowance ay **1 taon mula sa araw kasunod ng araw na umalis sa trabaho (1 taon + 30 araw para sa may 330 araw ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo, o 1 taon + 60 araw para sa may 360 araw).** Ang panahon na ito ay tinatawag na **"Benefit period."**


Maaaring tumanggap ng basic allowance sa mga araw na ikaw ay walang trabaho sa loob ng panahon na ito bilang limitasyon ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

Kapag lumampas sa panahon na ito, kahit na may natitira pang itinalagang bilang ng araw ng benepisyo na hindi pa natatanggap, hindi na maaaring tumanggap ng basic allowance pagkatapos nito.

## Halimbawa

Kapag ikaw ay huli na sa pag-apply sa Hello Work, atbp. pagkatapos umalis sa trabaho dahil sa sariling kagustuhan.


Ang itinalagang bilang ng araw ng benepisyo ay 150 na araw, ngunit…




Sa kasong ito, ang panahon ng pagtanggap ay magwawakas sa panahon na tumanggap ng pagbayad na 120 araw, kaya hindi ka maaaring tumanggap ng pagbayad para sa 30 araw.

Gayunpaman, **kung hindi mo nagawang magpatuloy magtrabaho nang 30 araw pataas** dahil sa sakit, injury, pagbubuntis, atbp., maaaring ma-**extend ang benefit period** (mangyaring tingnan ang "16 Ano ang extension ng benefit period?")

Gayundin, para sa ③ ng pahina 8, kung ang itinalagang bilang ng araw ng benepisyo ay 300 araw o 360 araw, at ikaw ay tumanggap ng 3 buwan na paghihigpit ng benepisyo, nararapat ang mga sumusunod na eksepsiyon sa benefit period.




Sa kasong ito, ang panahon na dinagdag ang A sa orihinal na benefit period ay ang benefit period.

*A=21 araw + 3 buwan (paghihigpit ng benepisyo) + 300 araw (itinalagang bilang ng araw ng benepisyo) - 1 taon

## 6 Ang Unang Hakbang ay ang Pag-apply sa Paghahanap ng Trabaho

Ang proseso ng Employment Insurance ay nagsisimula sa pagsumite ng job separation notice sa Hello Work, atbp. (ang mga nag-resign na mandaragat na nais magpatuloy magtrabaho bilang mandaragat ay sa District Transport Bureau), at mag-apply para sa paghahanap ng trabaho.

Ang araw na sinimulan mo ang proseso na ito ay tinatawag na "**araw ng pagiging kwalipikadong tumanggap ng benepisyo.**" Kapag mag-aapply ka para sa paghahanap ng trabaho, mangyaring ilagay ang iyong nais na uri ng trabaho at kita sa "**application form para sa paghahanap ng trabaho**."


## 7 "Panahon ng Paghihintay" mula sa Araw ng Pagiging Kwalipikadong Tumanggap ng Benepisyo

Hindi ka maaaring tumanggap ng basic allowance **mula sa araw ng pagiging kwalipikadong tumanggap ng benepisyo hanggang sa kabuuang 7 araw ang lumipas na ikaw ay walang trabaho.** Ang panahon na ito ay tinatawag na "**panahon ng paghihintay.**"

Samakatuwid, ikaw ay magiging karapat-dapat para sa pagbayad mula sa araw kasunod ng huling araw ng **"panahon ng paghihintay"** na ito, at ikaw ay babayaran ng basic allowance para sa mga araw na ikaw ay kinilala na walang trabaho ng Hello Work, atbp.

## 8 Ang Simula ng Pagbayad (Kung Walang Paghihigpit ng Benepisyo)

Kung patuloy na ikaw ay walang trabaho pagkatapos lumipas ang panahon ng paghihintay (ito ay tinatawag na "**Pagtapos ng panahon ng paghihintay**"), ikaw ay karapat-dapat para sa pagbayad ng basic allowance.





Maaaring simulan ang pagbayad ng basic allowance sa pamamagitan ng pagpunta sa aming opisina sa araw ng pagkilala na walang trabaho upang kilalanin ang "7 araw na panahon ng paghihintay" at ang "walang trabaho mula sa araw na kasunod ng panahon ng paghihintay hanggang sa araw bago ang araw ng pagkilala."

## 9 May Paghihigpit ng Benepisyo na 3 Buwan dahil sa Dahilan ng Pag-alis sa Trabaho

Kung ikaw ay naaangkop sa alinman sa mga sumusunod at patuloy na walang trabaho pagkatapos ng 3 buwan mula sa araw pagkatapos lumipas ang panahon ng paghihintay (ito ay tinatawag na **"pagtapos ng panahon ng paghihintay."**), magsisimula ang pagbayad ng basic allowance.

① Kung nag-resign dahil sa sariling kagustuhan na walang wastong dahilan

② Kung tinanggal sa trabaho dahil sa seryosong kadahilanan dahil sa sariling responsibilidad




Ikaw ay maaaring tumanggap ng pagbayad pagkatapos tumanggap ng pagkilala sa araw ng pagkilala matapos ang panahon ng paghihigpit ng benepisyo, **ngunit kapag hindi ka kinilala bilang walang trabaho sa unang araw ng pagkilala, hindi ito maituturing na pagtapos ng panahon ng paghihintay.** Para sa mga may paghihigpit ng benepisyo, tiyaking dalawin ang Hello Work, atbp. sa itinalagang araw ng pagkilala at mangyaring tumanggap ng pagkilala bilang walang trabaho.

## 10 Anong Mangyayari kapag Napagpasiyahan na ang Sunod na Trabaho Bago Tumanggap ng Anumang Pagbayad?

Kung napagpasiyahan na ang muling pagtrabaho, kinakailangan mong magbigay-alam sa Hello Work, atbp. tungkol sa iyong pagtrabaho sa araw bago ang simula ng iyong trabaho. (Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang "20 Ano ang Gagawin kapag Nakahanap ng Trabaho o Nagpagpasiyahan na Magsimula ng Negosyo?").

Kung ikaw ay muling nagtatrabaho nang hindi tumatanggap ng basic allowance, re-employment

allowance, atbp., ang panahon na ikaw ay enrolled sa Employment Insurance ay idadagdag, at isasama sa panahon na employed bilang insured kapag kinalkula ang itinalagang bilang ng araw ng benepisyo ng Employment Insurance kung sakaling muling mawalan ng trabaho.
Dahil may ilang tiyak na mga patakaran tungkol sa saklaw at kondisyon ng panahon na maaaring idagdag, mangyaring makipag-ugnayan sa kawani ng Hello Work, atbp. para sa mga detalye.

## 11 Ano ang Pagkilala na Walang Trabaho?

**Bilang pangkalahatang tuntunin**, upang tumanggap ng basic allowance, kailangan siguraduhing dumalaw sa Hello Work, atbp. **sa itinalagang araw** (ito ay tinatawag na **araw ng pagkilala na walang trabaho**) **1 beses sa 4 na linggo (28 araw)**, at magsumite ng " **Application for Unemployment Verification**" upang ideklara ang iyong pagiging walang trabaho (o kasalukuyang walang trabaho).

Dahil mahalaga na maging obhetibo at konkreto ang pag-kumpirma kung ikaw ay "**walang trabaho**," bago ang pagbayad, nagtatag kami ng pamantayan para sa pagkilala na walang trabaho batay sa **record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa loob ng tiyak na saklaw**. Mangyaring punan nang tama ang aktibidad sa paghahanap ng trabaho na iyong isinagawa sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho sa Application for Unemployment Verification (mangyaring tingnan ang "12 Paano Sumulat ng Application for Unemployment Verification?" para sa Application for Unemployment Verification, at "13 Ano ang Record ng Aktibidad sa Paghahanap ng Trabaho? " tungkol sa mga record ng aktibidad para sa paghahanap ng trabaho).

Isasagawa sa Hello Work, atbp. ang pagkilala na walang trabaho sa araw ng pagiging walang trabaho base sa aplikasyon na iyon, at isasagawa ang proseso ng pagbayad ng basic allowance.

### Tungkol sa "Araw ng pagkilala na walang trabaho "

Ang **uri ng linggo** at **araw ng linggo** ng araw ng pagkilala ay ipinapakita sa column ng araw ng pagkilala sa iyong Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance.

Gamitin ang naka-attach na kalendaryo upang alamin ang araw ng pagkilala.

| 曜日型 週型 | | 日 | 月 | 火 | 水 | 木 | 金 | 土 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 4 | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | 1 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |
| | 2 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 |
| | 3 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 |
| | 4 | 28 | 29 | 30 | | | | |
| 10 | 4 | | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | 1 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| | 2 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| | 3 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| | 4 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |
| | 4 | | | | | | | 1 |

Kung ang naka-print ay **"Ika-2 uri – Martes,"**
Ang **"Ika-2 uri"** ay nagpapahiwatig ng uri ng linggo ng araw ng pagkilala (ika-1uri hanggang ika-4 uri).
Ang **"Martes"** ay nagpapahiwatig ng araw ng linggo (Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes).
*Mangyaring tandaan na hindi ito nangangahulugan na pangalawang Martes.

Kung titingnan ang kalendaryo sa kaliwa, ang araw ng pagkilala ay Setyembre 16, kung saan nag-iintersect ang ika-2 uri ng linggo (pahalang) at Martes (pababa).
Gayundin, ang sunod na araw ng pagkilala ay sa Oktubre 14.

**Tandaan**

★Ang araw ng pagkilala ay maaari ding maging 2 beses sa isang buwan.
★Kung ang araw ng pagkilala ay natapat sa holiday, babaguhin ito sa Hello Work, atbp. nang mas maaga at ipapaalam sa iyo sa pamamagitan ng pag-post sa loob ng opisina atbp. Mangyaring tiyakin na kumpirmahin ang mga paunawa.
★Ang susunod na araw ng pagkilala ay naka-print sa Qualified Recipient's card.

# 12 Paano Sumulat ng Application for Unemployment Verification?

## Tungkol sa " Application for Unemployment Verification "

Ang Application for Unemployment Verification ay isang importanteng dokumento para tumanggap ng basic allowance, kaya mangyaring punan nang tama ang mga naaangkop na kahon. Kung ikaw ay naglagay ng maling impormasyon, ikaw ay maituturing bilang illegal na tumanggap.

1. Mangyaring dalhin ang ① Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance, ② Application for Unemployment Verification, ③ Personal seal (hindi maaari ang stamp seal) sa araw ng pagkilala.
2. Mangyaring punan ang Application for Unemployment Verification gamit ang isang itim na ballpen o fountain pen.
   Kung **may mali, mangyaring wastuhin ito sa pamamagitan ng paglagay ng revision seal o ng iyong sulat-kamay na lagda.**
3. Para sa mga sumusunod na kaso, mangyaring punan nang tama ang mga naaangkop na patlang kahit na hindi pa kumikita.
   (1) Kung **nakahanap ng trabaho (kabilang ang apprenticeship at trial period),** ang **araw na nakuha ng trabaho**
   (2) Kung mayroong **sideline** o **pagtulong sa negosyo,** ang **araw nito**
   (3) Kung may **part-time, pansamantalang trabaho,** at **day laborer,** ang **araw na nagtrabaho**
   (Kung ito ay paulit-ulit sa loob nang mahabang panahon, maaari itong ituring na "**may trabaho**")
   (4) Kung nagsimula ng **self-employment (kabilang ang panahon ng paghahanda), hinirang bilang director ng kumpanya, nakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng agrikultura o negosyo, pagbibigay-tulong sa subcontract o service agreement o volunteer work,** ang **araw nito**

### Tandaan

★Hindi ka maaaring tumanggap ng basic allowance sa araw na may trabaho, ngunit kung natugunan mo ang mga tiyak na kinakailangan, maaari kang tumanggap ng "employment allowance" (mangyaring tingnan ang "25 Employment Allowance").

★Kung may kita ka mula sa sideline o pagtulong sa negosyo, maaaring mabawasan o hindi babayaran ng kabuuan ng basic allowance batay sa mga tiyak na pamantayan. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp.

★Kung kinakailangan, maaaring hilingin sa iyo na ipakita ang iyong lisensya sa pagmamaneho o mga dokumento na maaaring kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan sa pagkilala.

### Kapag tinawag sa tanggapan

Kapag tatawagin ang mga kwalipikadong tumanggap ng benepisyo sa tanggapan ng pagkilala na walang trabaho, tinatawag namin sila gamit ang buong pangalan upang mabawasan ang oras ng paghihintay at maiwasan ang pagkakamali sa pag-isyu ng mga dokumento, atbp. sa ibang tao dahil sa maayos na takbo ng trabaho sa tanggapan. Maraming salamat sa iyong pag-unawa at iyong kooperasyon.

Gayundin, kung hindi mo nais na tawagin ka gamit ang iyong buong pangalan dahil sa iba't ibang kadahilanan, mangyaring makipag-ugnayan nang maaga sa mga kawani.

Ika-14 na form (may kinalaman sa Artikulo 22)
(Unang bahagi)

# Application for Unemployment Verification

(Mangyaring basahin ang mga paunawa sa pangalawang bahagi bago i-fill out.)

*Uri ng resibo 11203

(Lagyan ng O ang naaangkop at punan ang mga kinakailangan na impormasyon.)

①
1 Ikaw ba ay nakahanap ng trabaho, may trabaho, o may sideline/pagtulong sa negosyo sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho?

A Oo (circled)
(Mangyaring lagyan ang kalendaryo sa kanang bahagi ng O sa araw na nakahanap ng trabaho o nagtrabaho, o × sa araw na may sideline o pagtulong sa negosyo.)
B Hindi

4 Buwan

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | 31 | | | | |

5 Buwan

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 |
| ×15 | 16 | 17 | ×18 | 19 | (20) | 21 |
| 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |
| 29 | 30 | 31 | | | | |

②
2 Para sa mga kumita mula sa sideline o pagtulong sa negosyo, mangyaring isulat ang araw na may kita, halaga nito (ilang araw), atbp.

| | | |
|---|---|---|
| Araw na may kita 5 Buwan 25 Araw | Halaga ng kita 2000 yen | Kita ng ilang araw 2 Araw |
| Araw na may kita Buwan Araw | Halaga ng kita yen | Kita ng ilang araw Araw |
| Araw na may kita Buwan Araw | Halaga ng kita yen | Kita ng ilang araw Araw |

③
3 Gumawa ka ba ng mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho?

A (circled) May isinagawang aktibidad sa paghahanap ng trabaho

(1) Sa anong paraan mo isinagawa ang mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho?

| Paraan ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho | Araw ng aktibidad | Pangalan ng institusyong ginamit | Nilalaman ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho |
|---|---|---|---|
| (A) (circled) Konsultasyon sa trabaho, pagpapakilala ng trabaho, atbp. ng Public Employment Security Office o District Transport Bureau | 5/20 | Hello Work ○○ | Bilang resulta ng konsultasyon sa trabaho, ipinakilala ako sa kumpanyang △△ at may panayam noong Mayo 23. Naghihintay ng resulta kung tangaap ba o hindi. (iskedyul ng abiso kung tanggap o hindi ay sa Mayo 29) |
| (B) Konsultasyon sa trabaho, pagpapakilala ng trabaho, atbp. ng employment agency | | | |
| (C) Konsultasyon sa placement job, atbp. ng placement agency | | | |
| (D) Konsultasyon sa trabaho, pagpapakilala sa trabaho, atbp. ng pampublikong institusyon, atbp. | | | |

(2) Bukod pa sa paghahanap ng trabaho na nasa (1), kung ikaw ay nag-apply sa job offer ng isang establisyemento (business establishment), paki-sulat ito sa kahon sa baba

| Pangalan ng establisyemento, departamento | Araw ng pag-apply | Paraan ng pag-apply | Uri ng trabaho | Dahilan sa pag-apply | Resulta ng pag-apply |
|---|---|---|---|---|---|
| □□ Co., Ltd. (Numero ng telepono 03－5253－)111 | 5/6 | Direktang pagbisita | Negosyo | (A) (circled) Pagpapakilala ng kakilala (B) Advertisement ng sa pahayagan (C) Magasin para sa impormasyon (D) Internet (E) Iba pa | Mayo 16 May abiso na hindi tinanggap |
| (Numero ng telepono ) | | | | (A) Pagpapakilala ng kakilala (B) Advertisement ng sa pahayagan (C) Magasin para sa impormasyon (D) Internet (E) Iba pa | |

B Walang isinagawang aktibidad sa paghahanap ng trabaho — (Mangyaring isulat ang mga konkreto na dahilan nito.)

④
4 Kung ang Public Employment Security Office o District Transport Bureau ay nagpakilala ng angkop na trabaho sa iyo ngayon, maaari mo bang tatanggapin ito kaagad?

A (circled) Maaaring tanggapin
B Hindi maaaring tanggapin

Para sa mga binilugan ang B, mangyaring piliin mula sa Paunawa 8 sa ikalawang bahagi ang dahilan kung bakit hindi kaagad matatanggap (ang trabaho) at bilugan ang numero na iyon.
(A) (B) (C) (D) (E)

⑤
5 Mangyaring isulat kung ikaw ay may trabaho o self-employed o may planong gawin ito.

A May Trabaho — (1) Pinakilala ng Public Employment Security Office o District Transport Bureau (2) Pinakilala ng lokal na pamahalaan o ng employment agency (3) Self-employment; Buwan Araw mula nagtrabaho (plano)
B Self-employed — Buwan Araw mula nang maging self-employed(plano)

(Lugar ng pagtatrabahuan)
Pangalan ng establisyemento ( )
Lokasyon (〒 )
Numero ng telepono ( )

⑥
Idinideklara ko na ang mga nasa itaas ay ayon sa Artikulo 22, talata 1 ng Ordinance for Enforcement of Employment Insurance Act.

Reiwa 2 Taon 5 Buwan 28 Araw
(Araw na isinumite ang declaration form na ito)

○○ Director ng Public Employment Security Office / Director ng District Transport Bureau — Mr./ Mrs./ Ms.

Pangalan ng kwalipikadong tumanggap ng benepisyo Tarou Koyou Seal

Payment Number (2 0 — 1 2 3 4 5 6 — 7)

*Entry field para sa Public Employment Security Office o District Transport Bureau

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Payment number | - | 2. Klasipikasyon ng hindi bayad (Blanko Maliban sa hindi bayad / 1 Hindi bayad) | Petsa ng pagtatapos ng panahon ng paghihintay Taon Buwan Araw |
| 4. Panahon ng pagbayad (Unang araw) Taon Buwan Araw ~ (Huling araw) Buwan Araw | 5. Kita mula sa sideline o pagtulong sa negosyo (Bilang ng araw ng trabaho) Araw (Halaga ng kita) yen | Bilang ng araw ng Basic Allowance Araw | |
| 7. Araw ng pagbayad ng employment allowance Araw | 8. Bilang ng araw ng pagbayad ng espesyal na benepisyo na katumbas ng employment allowance Araw | 9. Petsa ng pagtrabaho - Ruta Taon Buwan Araw - | |

Araw at oras ng susunod na pagkilala
Buwan Araw Mula
Hanggang

Panahon na kinilala Buwan Araw~ Buwan Araw
*Mensahe

Remarks

Selyo ng handler
Selyo ng operator

## ◎ Punan ang Application for Unemployment Verification tulad nito.

**Ang detalyadong paliwanag kung paano ito punan ay isasagawa sa explanatory session para sa employment insurance.**

① Kung ikaw ay nakahanap ng trabaho, may trabaho, may sideline o pagtulong sa negosyo, sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho, mangyaring lagyan ng ○ ang "ア　した" (**A – Oo**).

Ano ang panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho?

Bilang pangkalahatang tuntunin, ito ay tumutukoy sa nakaraang araw ng pagkilala hanggang sa araw bago ang araw ng pagkilala na ito.

Araw na nakahanap ng trabaho o may trabaho (〇), Araw ng sideline o pagtulong sa negosyo (╳)

Mangyaring sumangguni sa mga kinakailangan sa pahina 15 at lagyan ng ○ o × na marka ang kalendaryo.

* Sa anumang kaso, mangyaring tiyaking punan ito kahit mayroon o wala kang kita. Gayundin, kung hindi mo matukoy kung ikaw ay nakakuha ng trabaho o may trabaho, o may sideline o pagtulong sa negosyo, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp. at punan ito.

② Kung kumita ka mula sa sideline o pagtulong sa negosyo sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho, mangyaring tiyakin na punan ang kahon ng kita ng iyong sideline, ang araw na natanggap mo ang gantimpala sa pagtulong sa negosyo at halaga ng kita, at gaano karaming araw ang kita na iyon.

③ Mangyaring tiyakin na punan ang sitwasyon ng paghahanap ng trabaho (tingnan ang pahina 16 para sa mga kinikilala bilang "paghahanap ng trabaho")
Ang mga sumusunod ay ang tiyak na detalye kung paano ito punan.

○ Kung naghahanap ka ng trabaho sa panahon na tumatanggap ng pagkilala na walang trabaho, mangyaring punan ng mga naaangkop na impormasyon ang kahon (1).
Kung nag-apply ka sa pangangalap ng opisina maliban sa aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa kahon (1), mangyaring punan ng mga naaangkop na impormasyon ang kahon (2).

○ Kung nakatanggap ka ng paghihigpit ng benepisyo dahil sa dahilan ng iyong pag-alis sa trabaho, mangyaring ilagay ang sitwasyon ng iyong aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa panahon ng paghihigpit ng benepisyo sa unang araw ng pagkilala na walang trabaho pagkatapos ng paghihigpit ng benepisyo.

○ Sa kahon (1), kung ang isinagawang aktibidad sa paghahanap ng trabaho ay sa pamamagitan ng (A)-(D), mangyaring lagyan ng ○ ang naaangkop at punan ng tiyak na "araw ng aktibidad", "pangalan ng institusyon na ginamit," at "nilalaman ng paghahanap ng trabaho."
Kung gumamit ka ng pribadong job placement agency, worker dispatch agency, pampublikong institusyon, atbp. na nasa (B)-(D), bilang karagdagan sa pangalan, punan ang numero ng telepono ng institusyon na iyon sa kahon na "pangalan ng institusyon na ginamit"

○ Bilang karagdagan sa pangalan ng opisina at departamento na inapplyan, mangyaring punan rin ang numero ng departamento na iyon sa kahon na (2) "pangalan ng opisina, departamento".
Gayundin, mangyaring tiyakin na punan ang pamamaraan ng pag-apply sa pangangalap tulad ng pagpapadala ng dokumento, direktang pagdalaw, atbp. sa kahon na "paraan ng pag-apply".
Sa kahon ng "resulta ng pag-apply", mangyaring tiyakin na punan ang mga sitwasyon nito tulad ng "kasalukuyang naghihintay ng resulta kung tanggap ba o hindi" (iskedyul na ipapaalam ang resulta kung tanggap o hindi ay sa ×(buwan)×(araw))", "may pagbibigay-alam sa pagkatanggap (hindi pagkatanggap) sa ×(buwan)×(araw)) atbp.)

④ Kung tatanggapin mo ang ipapakilala na trabaho ng Hello Work, mangyaring lagyan ng ○ ang "ア　応じられる" **(A　Maaaring tanggapin)**. Kung hindi mo tatanggapin ang ipapakilala, mangyaring lagyan ng ○ ang "イ　応じられない" (**B　Hindi maaaring tanggapin**), pumili ng dahilan mula (A)-(E) sa 8 sa likod, at lagyan ito ng ○.

⑤ Kung napagpasiyahan na ang trabaho, mangyaring punan nang tama ang petsa na (inaasahan) na magsisimula sa trabaho, opisina na papasukan, atbp. (kung may apprenticeship o trial period, mangyaring punan ang unang araw nito).

⑥ Mangyaring punan ang petsa ng pagkilala at payment number. Mangyaring lagyan ng signature seal o sulat-kamay na lagda ang kahon ng pangalan ng kwalipikadong tumanggap ng benepisyo.

**Ano ang nakahanap ng trabaho o may trabaho? (kung ito ang nilagyan mo ng ○ sa kalendaryo ng Application for Unemployment Verification)**

① Kung ikaw ay insured ng Employment Insurance (kung ikaw ay may trabaho, punan din ang kahon 5A ng Application for Unemployment Verification)

② Kung ikaw ay employed ng employer at nagtatrabaho ng 4 oras pataas sa 1 araw.
*Kung ang itinalagang oras ng trabaho kada linggo ay 20 oras pataas, at ang araw ng trabaho kada linggo ay 4 araw pataas sa employment contract na 7 araw pataas, ituturing ka bilang may trabaho, kabilang ang mga araw na hindi ka talaga nagtatrabaho.

③ Kung hinirang bilang director ng kumpanya (hindi mahalaga kung ilang oras ang trabaho sa isang araw)

④ Bilang pangkalahatang tuntunin, kung naghahanda para sa self-employment, pagsisimula ng self-employment, nakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng agrikultura o negosyo, pagbibigay-tulong sa subcontract o service agreement may sideline sa bahay o volunteer work, at kung ang oras ng trabaho sa 1 araw ay 4 oras pataas.

⑤ Kung isinagawa mo ang mga aktibidad sa ④, at ang oras ng trabaho sa 1 araw ay mababa sa 4 oras, ngunit walang ibang aktibidad sa paghahanap ng trabaho, tulad ng hindi kaagad tatanggapin ang pinakilalang trabaho ng Hello Work, atbp. upang makatuon dito, atbp.

* Sa kaso ng ①, ②, ③, nangangahulugan ito na nakakuha ng trabaho o may trabaho kahit walang sahod, atbp.

**May sideline o pagtulong sa negosyo (kung naglagay ka ng × sa kalendaryo ng Application for Unemployment Verification)**

① Kung ikaw ay employed ng employer, at naghahanda para sa self-employment, pagsisimula ng self-employment, nakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng agrikultura o negosyo, pagbibigay-tulong sa subcontract o service agreement may sideline sa bahay o volunteer work, bilang pangkalahatang tuntunin, ang oras ng trabaho sa 1 araw ay mababa sa 4 oras (maliban ang mga kaso na insured ng Employment Insurance).

② Kung naghahanda para sa self-employment, pagsisimula ng self-employment, nakikibahagi sa negosyo ng pamilya tulad ng agrikultura o negosyo, pagbibigay-tulong sa subcontract o service agreement may sideline sa bahay o volunteer work, at ang oras ng trabaho sa isang araw ay 4 oras pataas, ngunit ang halaga ng kita kada araw ay mababa sa minimum na halaga (*) ng araw-araw na sahod.
*2,574 yen: Ang halaga na ito ay maaaring baguhin sa Agosto 1 bawat taon.

* **Kailangan mong ideklara na may sideline o pagtulong sa negosyo ka kahit hindi kumikita sa sideline o pagtulong sa negosyo.**

Gayundin, kung ikaw ay may kita galing sa sideline o pagtulong sa negosyo (**kumita sa pamamgitan ng sariling paggawa**), **kailangan ideklara ang halaga ng iyong kita.**

## 13 Ano ang Record ng Aktibidad sa Paghahanap ng Trabaho?

Mayroong iba't ibang paraan sa paghahanap ng trabaho, syempre nariyan ang mga listahan na inihanda ng Hello Work, atbp., pag-search ng impormasyon sa pangangalap sa mga advertisements sa pahayagan at internet, at paghiling sa kakilala ng pagpapakilala, atbp., ngunit kailangan ng **record sa paghahanap ng trabaho na maaaring makumpirma sa obhetibong paraan** upang tumanggap ng basic allowance. Ang record na ito ay tinatawag na "**record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho**" (tingnan ang sunod na pahina para sa aktibidad na tinuturing bilang record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho).

Bilang pangkalahatang tuntunin, upang tumanggap ng basic allowance, **kinakailangan mayroong 2 beses pataas na isinagawa na aktibidad na tinuturing bilang record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa panahon mula sa nakaraang araw ng pagkilala hanggang sa araw bago ang kasalukuyang araw ng pagkilala.**

Gayundin, **bilang pangkalahatang tuntunin,** kung may paghihigpit ng benepisyo, **kailangan mayroong 3 beses pataas na isinagawa na aktibidad na tinuturing bilang record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho** sa panahon na pinagsama ang panahon ng paghihigpit ng benepisyo na ito sa panahon ng kasunod na pagkilala.

## 14 Anong Klaseng Record ng Aktibidad sa Paghahanap ng Trabaho ang Mayroon?

Ang pangunahing item na kinikilala bilang record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho ay ang mga sumusunod. Ang pag-search ng impormasyon sa pangangalap sa pamamagitan ng Hello Work, pahayagan, internet, atbp., paghiling sa kakilala ng pagpapakilala, atbp. ay hindi nabibilang sa record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho.

① Pag-apply sa pangangalap
② Kumuha ng konsultasyon sa trabaho at pagpapakilala sa trabaho, atbp. na isinagawa ng Hello Work, atbp., Seamen's Employment Center, atbp.
③ Dumalo sa iba't ibang short course o seminar na isinagawa ng Hello Work, atbp., Seamen's Employment Center, atbp.
④ Kumuha ng konsultasyon sa trabaho at pagpapakilala sa trabaho, atbp., na isinagawa ng mga pribadong ahensya (private job referral agent, dispatch agent) na may permit at abiso
⑤ Dumalo sa seminar, atbp. na nagbibigay ng gabay tungkol sa mga paraan ng paghahanap ng trabaho, atbp. na isinagawa ng mga pribadong ahensya (private job referral agent, dispatch agent) na may permit at abiso
⑥ Kumuha ng konsultasyon sa trabaho, atbp. na isinagawa ng mga pampublikong institusyon, atbp. (Japan Organization for Employment of the Elderly, Persons with Disabilities and Job Seekers, lokal na pamahalaan, job information provider, kumpanya ng pahayagan, atbp.)
⑦ Dumalo o nakilahok, atbp, sa iba't ibang short course o seminar, explanatory session ng kumpanya kung saan maaari ang indibidwal na konsultasyon, atbp. na isinagawa ng mga pampublikong institusyon, atbp. (Japan Organization for Employment of the Elderly, Persons with Disabilities and Job Seekers, lokal na pamahalaan, job information provider, kumpanya ng pahayagan, atbp.)
⑧ Kumuha ng qualification examination, atbp. tulad ng iba't ibang state examinations na makakatulong sa muling pagtatrabaho.

*Mangyaring makipag-ugnayan sa Hello Work, atbp. kung ikaw ay hindi sigurado sa iyong record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho.

Ang mga bagay na kinikilala bilang mga record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho na ito ay lubos na epektibo sa pagsasakatuparan na muling makatrabaho sa lalong madaling panahon, kaya aktibong isama ang mga ito sa pang-araw-araw na paghahanap ng trabaho.

Gayundin, ang record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho na idineklara ay maaaring kumpirmahin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagtatanong sa institusyon na ginamit, atbp. **at ang mga idineklara na hindi totoo ay maaaring magresulta sa illegal na tumanggap.**

## 15 Tungkol sa Pagbayad ng Basic Allowance

Ang basic allowance ay **idedeposito** sa iyong ordinary savings account ng institusyong pinansyal na iyong itinalaga para sa **bilang ng araw na kinilala pagkatapos tumanggap ng pagkilala na walang trabaho**.

Gayundin, idedeposito ito sa iyong ordinary savings account **7 araw pagkatapos ng araw ng pagkilala na walang trabaho** (ang panahon hanggang mai-deposito ng institusyong pinansyal ay naiiba. Gayundin, kung mayroong holiday ang insitusyong pinansyal tulad ng sabado, linggo, o national holiday, ang deposito para sa mga araw na iyon ay maaaring maantala).

Gayundin, mangyaring tandaan na ang deposit (savings) account ay dapat ordinary savings account (maliban sa thrift accounts) sa ilalim ng iyong pangalan upang maideposito ang bayad.

Bilang karagdagan, ang pangalan ng magdedeposito ay "コウセイロウドウショウショクギョウアンテイキョク（Kousei-Roudoushou Shokugyou Anteikyoku）". Hanggang sa kalahati ng pangalan sa itaas lamang ang maipiprint sa passbook.
*Maaaring iba depende sa institusyong pinansyal.

### Tandaan

☆ Kapag babaguhin ang iyong pangalan, hindi maaaring ideposito ang bayad sa pamamagitan lamang ng pagbago ng pangalan sa passbook, kaya mangyaring tiyakin na i-attach ang passbook na may bagong pangalan at isumite ito sa kawani ng Hello Work.
☆ Tungkol sa halaga ng benepisyo na dineposito, mangyaring kumpirmahin kung ang halaga na nasa Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance at ang halaga sa deposit passbook ay pareho.
☆ Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp.

## 16 Ano ang Extension ng Benefit period?


Bilang pangkalahatang tuntunin, ang panahon na maaaring tumanggap ng basic allowance ay 1 taon mula sa araw kasunod ng araw na umalis sa trabaho (tingnan ang pahina 8), ngunit maaaring ma-extend ang benefit period sa mga sumusunod na kaso. Kung sa panahong ito ikaw ay may sakit, may injury, nagbubuntis, nag-aalaga ng anak (mababa sa edad 3), nag-aalaga ng bata bago mag-preschool, nag-aalaga ng kamag-anak, o sasama sa asawa na nagtatrabaho sa ibang bansa, o kung may panahon kung saan patuloy na hindi makakapagtrabaho nang 30 araw pataas dahil sa ilang mga aktibidad ng volunteer, atbp., maaaring idagdag ang bilang ng araw na hindi makakapagtrabaho sa benefit period (**ang panahon na maaaring idagdag sa panahon ng pagtanggap ay hanggang maximum na 3 taon**).

**Tungkol sa Aplikasyon para sa extension ng benefit period**

Kapag nag-apply ka para sa extension ng benefit period, bilang pangkalahatang tuntunin, dapat itong gawin nang maaga pagkatapos ang araw kasunod ng araw na hindi makapagpatuloy sa pagtatrabaho nang 30 araw pataas, ngunit maaaring mag-apply hanggang sa huling araw ng benefit period pagkatapos ng extension. Mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento sa Hello Work, atbp.

1 "Application form para sa extension ng benefit period"
2 "Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance "
3 "Dokumento na nagpapatunay ng katotohanan na naaangkop na dahilan para sa extension"
(Maaari din isumite ang mga ito sa pamamagitan ng koreo o proxy, ngunit kinakailangan ng authorization letter sa kaso ng proxy).

**Halimbawa**




Kung pahihintulutan ang extension ng benefit period, ikaw ay bibigyan ng "abiso para sa extension ng pagtanggap ng benepisyo," ngunit kapag tapos na ang dahilan para sa extension na iyon, mangyaring magbigay-alam agad sa Hello Work.

Gayundin, depende sa dahilan ng extension, atbp., maaaring kailanganin magsumite ng sertipiko tulad ng medical certificate ng doctor, atbp.

Kung ikaw ay hindi makapagtrabaho ng 15 araw pataas dahil sa sakit o injury pagkatapos maging kwalipikadong tumanggap ng benepisyo, maaari kang tumanggap ng injury and sickness allowance na may parehong halaga sa halip na basic allowance. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang "31 Paano kung Hindi Makapagtrabaho Dahil sa Sakit o Injury?"

**Tungkol sa Extension ng benefit period para sa mga retirado na nasa edad 60 pataas**

Kung ikaw ay nagretiro sa edad 60 pataas (edad 50 pataas para sa mga mandaragat) o nag-resign dahil sa pagtapos ng patuloy na pagtrabaho pagkatapos magretiro dahil sa edad, at ikaw ay nagbigay-alam na hindi ka mag-aapply para sa paghahanap ng trabaho nang tiyak na panahon pagkatapos mag-resign, maaaring ma-extend ang benefit period sa panahon na ito na ipinagbigay-alam mo (maximum na 1 taon). Ang panahon ng aplikasyon ay sa loob ng 2 buwan mula sa araw kasunod ng araw na umalis sa trabaho. Kung nais mong mag-apply, mangyaring tiyakin na mag magbigay-alam sa mga kawani kapag isusumite ang job separation notice sa Hello Work, atbp. (mangyaring tandaan na hindi ito maaaring gawin pagkatapos mag-apply para sa paghahanap ng trabaho).

## 17 Ano ang Paghihigpit ng Benepisyo dahil sa Pagtanggi sa Pagpapakilala

Kapag ikaw ay tumanggi sa pagkuha ng trabaho na ipinakilala ng Hello Work, atbp., sa pagtanggap ng public vocational training na itinalaga; o sa pagtanggap ng gabay sa trabaho na isinagawa ng Hello Work, atbp., na walang mabuting rason, o kapag umalis ka sa kalagitnaan ng public vocational training dahil sa sariling kagustuhan, ikaw ay hindi maaaring tumanggap ng basic allowance nang 1 buwan mula sa araw na iyon,


## 18 Paano kung Hindi Nakarating sa Hello Work sa Araw ng Pagkilala

Kung hindi ka pumunta sa Hello Work, atbp. sa araw ng pagkilala, hindi ka maaaring tumanggap ng pagkilala na walang trabaho (benepisyo ng basic allowance) para sa panahon hanggang sa araw ng pagkilala na iyon at sa mismong araw ng pagkilala na hindi ka pumunta.

Gayundin, kung pumunta ka sa Hello Work, atbp. bago ang susunod na araw ng pagkilala, at walang isinagawang aktibong aktibidad sa paghahanap ng trabaho tulad ng konsultasyon para sa trabaho, hindi ka maaaring tumanggap ng pagkilala na walang trabaho para sa panahon hanggang sa araw bago ang sunod na araw ng pagkilala.


Mangyaring sumangguni sa halimbawa sa ibaba.

① **Kung hindi ka pumunta sa araw ng pagkilala sa Oktubre 15, ngunit pumunta ka sa susunod na araw ng pagkilala sa Nobyembre 12**




Kung hindi ka pumunta sa araw bago (11/11) ang sunod na araw ng pagkilala (11/12) pagkatapos ng araw ng pagkilala na hindi ka nakapunta (10/15), hindi ka maaaring tumanggap ng pagbayad nang 56 araw mula Setyembre 17 hanggang Nobyembre 11.


② **Kung hindi ka pumunta sa araw ng pagkilala sa Oktubre 15, ngunit pumunta ka sa sunod na araw ng pagkilala sa Nobyembre 12 pagkatapos pumunta sa pagitan ng Oktubre 16 hanggang Nobyembre 11 para kumuha ng konsultasyon para sa trabaho**




Hindi ka maaaring tumanggap ng pagbayad nang 29 araw mula Setyembre 17 hanggang Oktubre 15.

Gayundin, bilang pangkalahatang tuntunin, kailangan may record ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho na 2 beses pataas para sa panahon mula Oktubre 16 hanggang Nobyembre 11.

③ **Kung ikaw ay may paghihigpit ng benepisyo na 3 buwan at hindi pumunta sa itinalagang araw ng pagkilala, ngunit pumunta pagkatapos ng 3 buwan**




Ang panahon ng paghihintay at ang paghihigpit ng benepisyo ay hindi matatapos, at ikaw ay hindi karapat-dapat tumanggap para sa pagbayad (tingnan ang pahina 10).

## 19 Tungkol sa Pagbago ng Araw ng Pagkilala

Kung hindi ka makakapunta sa itinalagang araw ng pagkilala, maaaring **baguhin ang araw ng pagkilala** bilang **espesyal na kaso** kung may mga hindi maiwasang kadahilanan lamang tulad ng mga sumusunod.

Sa kasong iyon, **siguraduhing makipag-ugnayan sa Hello Work, atbp. nang maaga upang tumanggap ng mga tagubilin.**


Gayundin, bilang pangkalahatang tuntunin, kung tumanggap ka ng serbisyo ng pagbabago ng araw ng pagkilala, **kinakailangan ng sertipiko** na nagpapakita ng katotohanan nito (mangyaring tanggapin ang mga tagubilin sa tanggapan ng Hello Work, atbp, tungkol sa mga kinakailangan na sertipiko).

**Ano ang mga hindi maiwasang dahilan**

☆ May trabaho
☆ May panayam sa potensyal na employer, screening, pagsusulit sa trabaho, atbp.
☆ Kumuha ng qualification examination tulad ng iba't ibang state examination at licensure examination
☆ Kung kukuha ng iba't ibang short course dahil sa gabay ng Hello Work, atbp.
☆ Ikaw ay may sakit o kaya hindi makakapagtrabaho sa 14 araw
☆ Ikakasal ka
☆ Pag-aalaga ng kamag-anak, kritikal o kamatayan, kasal (limitado ang saklaw ng kamag-anak kaya hindi lahat ng kamag-anak)
☆ Entrance ceremony o graduation ceremony ng junior high school na mga anak pababa, atbp.

### Halimbawa

Kung hindi nakapunta sa araw ng pagkilala sa Oktubre 15 dahil sa sakit, ngunit pumunta ka na may dalang sertipiko na nagpapatunay ng katotohanan nito sa Oktubre 17 dahil sa tagubilin ng Hello Work, atbp.




Sa Oktubre 17, maaaring tumanggap ng pagkilala nang 30 araw mula Setyembre 17 hanggang Oktubre 16, at sa Nobyembre 12, maaaring tumanggap ng pagkilala nang 26 araw mula Oktubre 17 hanggang Nobyembre 11.

Gayundin, kung hindi ka nakapunta sa itinalagang araw ng pagkilala dahil sa alinman sa mga sumusunod na dahilan mula ① hanggang ③, maaaring tumanggap ng kolektibong pagkilala sa sunod na pagkilala gamit ang sertipiko na nagpapatunay sa dahilan na iyon.

Kahit sa kasong ito, siguraduhing makipag-ugnayan sa Hello Work, atbp. at tumanggap ng mga tagubilin.

① Kapag ikaw ay may sakit o injury kaya hindi makakapagtrabaho nang 14 araw (sickness or injury certificate)
② Kapag ikaw ay nakipanayam sa potensyal na employer dahil sa pagpapakilala ng Hello Work, atbp. (interview certificate)
③ Kapag hindi makapunta dahil sa natural na disaster o ibang hindi maiwasang aksidente (pinsala na dulot ng baha, lindol, aksidente sa trapiko, atbp.)
(Dokumento ng pagpapatunay na inisyu ng pampublikong opisina)

## 20 Ano ang Gagawin kapag Nakahanap ng Trabaho o Nagpagpasiyahan na Magsimula ng Negosyo?

Bilang pangkalahatang tuntunin, kapag nakahanap ng trabaho (kabilang ang probation period, trial period, part-time at sideline) o napagpasiyahang magsimula ng negosyo, dapat pumunta sa Hello Work, atbp. sa araw bago ang araw ng pagsisimula ng trabaho o negosyo (paghahanda kung may panahon ng paghahanda para sa pagsisimula ng negosyo), at ipagbigay-alam ang iyong trabaho gamit ang aplikasyon ng pagkilala na walang trabaho, at tumanggap ng pagkilala na walang trabaho.

**Mga kinakailangan sa pagbibigay-alam na nakahanap ng trabaho**

- **Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance**
- **Application for Unemployment Verification**
- **Sertipiko ng trabaho, atbp.**

Gayundin, kung sa tingin mo ay natugunan mo ang mga kinakailangan para sa re-employment allowance, ibibigay namin ang application form para sa pagbayad pagkatapos ng pagkilala na walang trabaho.

* Kung nakahanap ng trabaho bago ang explanatory session para sa employment insurance (ang araw ng trabaho ay ang araw bago ang araw ng explanatory session para sa employment insurance), mangyaring dalhin ang "Guidebook" na ito at ang mga itinagubilin na dalhin sa explanatory session, pumunta sa Hello Work, atbp. bago ang araw ng trabaho, at ipagbigay-alam ang tungkol sa trabaho.

* Kung ang araw ng pagkilala ay nakatakda bago ang araw ng trabaho, kakailanganin mong pumunta sa Hello Work sa araw ng pagkilala na iyon, at tumanggap ng pagkilala na walang trabaho.

* Mangyaring tandaan na kung hindi ka pumunta sa Hello Work at ginawa ang mga itinalagang proseso, hindi ka maaaring mag-apply para sa re-employment allowance atbp.

## 21 Tungkol sa Re-employment Allowance

Maaari kang tumanggap ng **re-employment allowance kung may natitirang 1/3 pataas na bilang ng araw** ng itinalagang bilang ng araw ng basic allowance, **may matatag na trabaho at natugunan ang lahat ng mga kinakailangan para sa pagbayad.**

Ang halaga ng pagbayad ay ang halaga kapag minultiply mo ang araw-araw na halaga ng basic allowance sa 60% ng natitirang bilang ng araw ng pagbayad kung ikaw ay nakahanap ng trabaho, na may natitirang 1/3 pataas ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo o 70% kung nakahanap ng trabaho na may natitirang 2/3 ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

| Itinalagang bilang ng araw ng benepisyo | Bilang ng natitirang araw ng pagbayad | | Halaga ng re-employment allowance |
|---|---|---|---|
| | Kung ang payment rate ay 60% | Kung ang payment rate ay 70% | |
| 90 araw | 30 araw pataas | 60 araw pataas | Araw-araw na halaga ng basic allowance (*May maximum limit) × Bilang ng natitirang araw ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo × 60% o 70% (Nira-round off ang mga mababa sa 1 yen) |
| 120 araw | 40 araw pataas | 80 araw pataas | |
| 150 araw | 50 araw pataas | 100 araw pataas | |
| 180 araw | 60 araw pataas | 120 araw pataas | |
| 210 araw | 70 araw pataas | 140 araw pataas | |
| 240 araw | 80 araw pataas | 160 araw pataas | |
| 270 araw | 90 araw pataas | 180 araw pataas | |
| 300 araw | 100 araw pataas | 200 araw pataas | |
| 330 araw | 110 araw pataas | 220 araw pataas | |
| 360 araw | 120 araw pataas | 240 araw pataas | |

* Mayroong maximum limit ang halaga ng basic allowance kapag kinakalkula ang re-employment allowance.

○ Nasa edad na mababa sa 60 nung umalis sa trabaho ・・・・・・・・・・ **6,195 yen**
○ Nasa edad 60 pataas, mababa sa edad 65 nung umalis sa trabaho ・・・ **5,013 yen**
(Ang maximum na halaga ng basic allowance ay maaaring magbago sa Agosto 1 bawat taon)

Kung tumanggap ka ng re-employment allowance, ituturing na tumanggap ka ng basic allowance para sa bilang ng araw katumbas ng bilang na nakuha kapag hinati ang halaga ng allowance sa araw-araw na halaga ng basic allowance.

**Ano ang "Bilang ng natitirang araw ng pagbayad"**

Ito ay ang bilang ng araw matapos ibawas ang bilang ng araw na tumanggap na ng basic allowance base sa parehong kwalipikasyon na tumanggap ng benepisyo, o ang bilang ng araw na tinuring na tumanggap ng basic allowance sa pamamagitan ng injury and sickness allowance, employment allowance, re-employment allowance mula sa itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

* Kapag ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad ay lumampas sa bilang ng araw mula sa araw ng trabaho hanggang sa petsa na natapos ang benefit period, ang bilang ng araw mula sa araw ng trabaho hanggang petsa na natapos ang benefit period ay ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad.

Gayundin, kung ikaw ay nakahanap ng trabaho sa panahon ng paghihigpit ng benepisyo, at kapag ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad ay lumampas sa bilang ng araw mula sa araw pagkatapos ng huling araw ng panahon ng paghihigpit ng benepisyo hanggang sa petsa na natapos ang benefit period, ang bilang ng araw mula sa araw pagkatapos ng huling araw ng panahon ng paghihigpit ng benepisyo hanggang sa petsa na natapos ang benefit period ay ang bilang ng natitirang araw ng pagtanggap ng benepisyo.

## Mga kinakailangan para sa re-employment allowance

Kung natugunan mo ang lahat ng mga kinakailangan sa mga sumusunod mula ① hanggang ⑧, maaari kang tumanggap ng re-employment allowance.

Gayundin, maaari kang bayaran ng re-employment allowance kahit na nakapagsimula ka na ng negosyo base sa mga tiyak na kinakailangan na maaaring ituring bilang independent (sa kasong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp. tungkol sa mga kinakailangan para sa pagbayad, atbp.).

**Kailangan matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan**

① Ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance matapos tumanggap ng pagkilala na walang trabaho bago ang araw ng pagtatrabaho ay 1/3 pataas ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo
(Kung ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad ay lumampas sa bilang ng araw mula sa araw ng pagtatrabaho hanggang sa petsa ng pagtapos ng benefit period, ang bilang ng araw mula sa araw ng pagtatrabaho hanggang sa petsa ng pagtapos ng benefit period ay ang bilang ng natitirang araw ng benepisyo) *Tingnan ang "Ano ang "Bilang ng natitirang araw ng pagbayad"?" sa itaas tungkol sa bilang ng natitirang araw ng pagbayad.

② Kinikilala na tiyak na magtatrabaho nang higit sa isang taon
(Kung ang panahon na employed sa isang taon pababa at ang employment contract ay naka-kondisyon na i-renew kapag nakamit ang mga tiyak na layunin, hindi ito naaangkop sa "tiyak na magtatrabaho nang higit sa isang taon")

③ May trabaho pagkatapos ng araw ng pagtapos ng panahon ng paghihintay

④ Kung nakatanggap ng paghihigpit ng benepisyo dahil sa dahilan ng pag-alis sa trabaho, dapat ikaw ay nagtrabaho sa isang buwan pagkatapos ng pagtapos ng panahon ng paghihintay dahil sa pagpapakilala ng Hello Work, atbp. o pagpapakilala ng employment agency na may permit at abiso.

⑤ Hindi muling na-employed ng parehong employer bago umalis sa trabaho
(Kabilang ang mga business owners na may malapit na ugnayan sa mga business owners bago ang pag-alis sa trabaho na may kinalaman sa kapital, pondo, tauhan, transaksyon, atbp.)

⑥ Hindi tumatanggap ng re-employment allowance o Outfit allowance for full-time employment para sa trabaho sa loob ng 3 taon bago ang araw ng pagtrabaho

⑦ Hindi pinangakuang employed ng business owner bago makuha ang kwalipikasyon na tumanggap (aplikasyon para sa paghahanap ng trabaho)

⑧ Bilang pangkalahatang tuntunin, employed sa ilalim ng mga kondisyon na nakatugon sa mga kinakailangan ng insured ng Employment Insurance
(Halimbawa, ang commission contract o consignment work ay hindi saklaw ng insured ng Employment Insurance)

* <u>Ito ay idedeposito sa itinalagang bank account sa loob ng 1 linggo matapos ang araw ng pagtukoy ng pagbayad. Gayunpaman, maaaring tumagal ng ilang oras bago mapagpasiyahan ang pagbayad, depende sa resulta ng kumpirmasyon ng nilalaman ng aplikasyon atbp.</u>


**Ano ang trabaho dahil sa pagpapakilala ng Hello Work, atbp?**

Tumutukoy ito sa kaso kapag tinanggap ang pagpapakilala ng Hello Work, atbp. pumunta sa opisina para sa panayam, at nakakuha ng trabaho. Samakatuwid, kung ikaw ay nakahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagtingin ng mga pampublikong pangangalap ng Hello Work, atbp. o magasin ng impormasyon sa pangangalap, at **direktang nag-apply, hindi ito maituturing na "trabaho dahil sa pagpapakilala ng Hello Work, atbp."** (pareho ito sa kaso ng pagpapakilala ng employment agency atbp.).

# 22 Paggamit ang Re-employment Allowance

**Ang payment rate ng re-employment allowance ay tataas mula <u>60% → 70%</u> kung ikaw ay muling nakakuha ng trabaho nang maaga.**


□ Kung ang taong may araw-araw na halaga ng basic allowance na 4,000 yen at ang bilang ng itinalagang araw ng benepisyo ay 90 araw ay muling nakakuha ng trabaho sa panahon na may natitirang araw ng pagbayad na <u>60 araw</u>




□ Dahil ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance sa itinalagang 90 araw na bilang ng araw ng benepisyo ay 60 araw (2/3 pataas), ang payment rate ng re-employment allowance ay magiging **70%**.

□ Ang halaga ng re-employment allowance ay magiging 4,000 yen × 60 araw × 70% = 168,000 yen.

□ Kung ang taong may araw-araw na halaga ng basic allowance na 4,000 yen at ang bilang ng itinalagang araw ng benepisyo ay 90 araw ay muling nakakuha ng trabaho sa panahon na may natitirang araw ng pagbayad na <u>59 araw.</u>




□ Dahil ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance sa itinalagang 90 na bilang ng araw ng benepisyo ay 59 araw (1/3 pataas), ang payment rate ng re-employment allowance ay magiging **60%**.

□ Ang halaga ng re-employment allowance ay magiging 4,000 yen × 59 araw × 60% = 141,600 yen.

## 23 Paano mag-apply para sa Re-employment Allowance?

**Proseso ng Aplikasyon para sa re-employment allowance**

Ang takdang panahon ng aplikasyon ay sa loob ng isang buwan mula sa araw kasunod ng araw ng pagtatrabaho.

Kung ikaw ay mag-aapply para sa re-employment allowance, mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento sa Hello Work, atbp.

1. Application form para sa re-employment allowance (kailangan ang sertipiko ng employer sa pagtatrabahuan)
2. Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance
3. Iba pang mga dokumento na hinihingi ng Hello Work atbp.

*Maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo.

**Tandaan**

Hindi maaaring mag-apply para sa re-employment allowance hanggang sa makapagbigay-alam ka sa Hello Work, atbp. tungkol sa iyong pagtatrabaho.
Gayundin, kapag tumanggap ng re-employment allowance, hindi ka babayaran ng re-employment benefit for the elderly para sa parehong trabaho. Para sa mga detalye, tingnan ang "36 Tungkol sa Continuous employment benefits."

## 24 May Benepisyo kahit Pagkatapos Tumanggap ng Re-employment Allowance

Kung ang tao na muling nakahanap ng trabaho nang maaga at tumanggap ng re-employment allowance ay patuloy na employed nang 6 buwan pataas sa pinagtatrabahuan na iyon, at ang sahod na ibinayad sa 6 buwan ay mababa kumpara sa sahod bago tumanggap ng benepisyo ng Employment Insurance, maaaring tumanggap ng **Employment Promotion Fixation Allowance**.

## Kinakailangan para sa Employment Promotion Fixation Allowance

**Kailangan matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan**

① Tumatanggap ng re-employment allowance.

② Patuloy na employed nang 6 buwan pataas sa ilalim ng parehong employer mula sa araw ng muling pagtrabaho kung kailan tumanggap ng re-employment allowance.

* Kung naiwala mo ang iyong kwalipikasyon na tumanggap ng Employment Insurance bago lumipas ang 6 buwan mula sa araw ng muling pagtrabaho kung kailan tumanggap ka ng re-employment allowance, hindi maaaring tumanggap ng allowance na ito kahit na ikaw ay pansamantalang inilipat dahil sa kagustuhan ng iyong employer.

(Kung binayaran ka ng re-employment allowance dahil sa pagsimula ng negosyo, hindi ka maaaring tumanggap ng allowance na ito.)

③ Ang halaga ng isang araw ng sahod na ibinayad sa 6 buwan mula sa araw ng muling pagtrabaho (A) kung kailan tumanggap ng re-employment allowance, ay mas mababa sa halaga ng araw-araw na sahod bago umalis sa trabaho (B) (Mangyaring tingnan ang 14 ng P6 para sa pangkalahatang pamamaraan ng pagkalkula ng A at B.).

* Kung ang araw-araw na halaga ng sahod bago umalis sa trabaho ay minimum na halaga, ang halaga ng isang araw na sahod sa 6 buwan pagkatapos ng muling pagtrabaho ay hindi bababa sa araw-araw na halaga ng sahod bago umalis sa trabaho, kaya hindi maaaring tumanggap ng allowance na ito.

## Tungkol sa Halaga ng pagbayad

**Halaga ng pagbayad=**

**(B - A) × bilang ng araw na batayan para sa pagbayad ng sahod sa loob ng 6 buwan mula sa araw ng muling pagtrabaho** (Sa kaso ng buwanang sahod, ang bilang ng mga araw sa kalendaryo, at sa kaso ng araw-araw o oras-oras na sahod, ang bilang ng araw ng pagtatrabaho)

Gayunpaman, mayroong maximum na halaga tulad ng sumusunod.

**Maximum na halaga: Araw-araw na halaga ng basic allowance (*1) × Bilang ng araw na katumbas ng natitirang bilang ng araw ng basic allowance (*2) × 30% (*3)**

*1 Ang basic allowance ay may maximum na halaga pareho ng re-employment allowance

*2 Ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad bago tumanggap ng re-employment allowance

*3 40% kung ang payment rate ng re-employment allowance ay 60%

□ Ang taong umalis sa trabaho sa edad na mababa sa 60, may buwanang sahod nung umalis sa trabaho ay 300,000 yen, at may basic allowance ay 5,687 yen, at muling nagtrabaho na may na natitirang bilang ng araw ng pagbayad na 90 araw ay tatanggap ng re-employment allowance.

Kung ang buwanang sahod sa 6 buwan pagkatapos ang muling pagtrabaho ay naging 285,000 yen

□ Ang araw-araw na halaga ng sahod bago umalis sa trabaho ay 10,000 yen (B), at ang halaga ng 1 araw na sahod sa 6 buwan pagkatapos ang muling pagtatrabaho ay 9,500 yen (A).

□ Ang bilang ng araw na batayan ng pagbayad ng sahod ay buwanang sistema, kaya ito ay bilang ng araw na lumipas (gagawing 183 araw).

□ Kung kakalkulahin ang halaga ng Employment Promotion Fixation Allowance gamit ang formula na ito, ito ay magiging (10,000 yen - 9,500 yen) × 183 araw = <u>91,500 yen.</u>

□ Ang maximum na halaga sa kasong ito ay ang sumusunod, kaya 91,500 yen ang ibabayad.
5,687 yen × 90 araw × 30% = <u>153,549 yen</u>

## Tungkol sa Aplikasyon

**Ang takdang panahon ng aplikasyon ay sa loob ng dalawang buwan mula sa araw kasunod ng 6 buwang lumipas mula sa araw ng pagtatrabaho.**

Mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento kung mag-aapply para sa Employment Promotion Fixation Allowance.

1. Application form (Kinakailangan ang patunay ng employer sa pagtatrabahuan)
2. Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance
3. Mga dokumento na hinihingi ng Hello Work, atbp, tulad ng kopya ng attendance record, kopya ng pay roll

*Maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo

# 25 Tungkol sa Employment Allowance

Kung nakahanap ng trabaho na malamang ay hindi tatagal nang 1 taon tulad ng part-time habang walang trabaho at natugunan ang mga lahat ng kinakailangan sa araw ng pagtrabaho na iyon, maaaring tumanggap ng **employment allowance.**

Gayundin, kahit na tumanggap ng employment allowance na ito, pagkatapos nito ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng re-employment allowance kapag kinikilala na isang matatag na trabaho iyon.

Gayundin, ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad sa kasong ito ay tutukuyin sa araw bago ang araw na "nakahanap ng matatag na trabaho."

**Halaga ng employment allowance**

Maaaring tumanggap ng pagbayad sa halagang katumbas ng 30% ng araw-araw na halaga ng basic allowance (Nira-round off ang mga mababa sa 1 yen) sa bawat araw na nagtrabaho.

* May maximum limit and halaga ng basic allowance kapag kinakalkula ang employment allowance.

○ Mga nasa edad mababa sa 60 nung umalis sa trabaho ・・・・・・・・・・・ **6,195 yen**

○ Mga nasa edad 60 pataas, mababa sa edad 65 nung umalis sa trabaho ・・・ **5,013 yen**

(Ang maximum na halaga ng basic allowance ay maaaring magbago sa Agosto 1 bawat taon)

Sa araw ng pagtanggap ng employment allowance, itinuturing ito na tumanggap ng basic allowance.

**Kailangan matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan**

① Ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance sa araw bago ang araw ng pagtatrabaho ay dapat 1/3 pataas at 45 araw pataas ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

② Hindi kasama sa mga tatanggap ng re-employment allowance dahil sa trabahong pinasukan.

③ May trabaho pagkatapos ng panahon ng paghihintay.

④ Kung nakatanggap ng paghihigpit ng benepisyo dahil sa dahilan ng pag-alis sa trabaho, ang isang buwan pagkatapos ng pagtapos ng panahon ng paghihintay ay dapat may trabaho sa pamamagitan ng pagpapakilala ng Hello Work, atbp. o ng employment agency na may permit at abiso.

⑤ Hindi employed muli sa parehong employer bago umalis sa trabaho.

(Kabilang ang mga business owners na may malapit na ugnayan sa mga business owners bago ang pag-alis sa trabaho na may kinalaman sa kapital, pondo, tauhan, transaksyon, atbp.)

⑥ Hindi pinangakuang employed ng business owner na bago makuha ang kwalipikasyon na tumanggap (aplikasyon para sa paghahanap ng trabaho)

**Aplikasyon para sa employment allowance**

Sa araw ng pagkilala na walang trabaho 1 beses sa 4 na linggo, mangyaring isumite ang "application form para sa pagbayad ng employment allowance" kasama ang "Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance" at "dokumento na nagpapatunay ng katotohanan na may trabaho" para sa bawat araw mula sa nakaraang araw ng pagkilala hanggang sa araw bago ang kasalukuyang araw ng pagkilala.

***Ang mga hindi nangangailangan ng pagkilala na walang trabaho pagkatapos ng araw ng pagtatrabaho ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa pagbayad sa pamamagitan ng proxy (kailangan ng authorization letter) o koreo. Gayundin, kinakailangan ng patunay galing sa employer sa kasong ito.**

## 26 Tungkol sa Outfit allowance for full-time employment

Ito ang allowance na ibabayad kapag ang alinman sa mga sumusunod na tao ay nakakuha ng matatag na trabaho sa pamamagitan ng pagpapakilala ng Hello Work, atbp. o ng employment agency na may permit at abiso sa panahon na ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance ay mababa sa 1/3 ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.

○Mga nasa edad 45 pataas at naaangkop sa re-employment assistance plan base sa Employment Measures Act, atbp.

○Mga nahihirapan humanap ng trabaho tulad ng mga may kapansanan atbp.

## Halaga ng Outfit allowance for full-time employment

Ang halaga ng pagbayad ay 4/10 ng halaga na nakuha sa pamamgitan ng pag-multiply ng halaga ng basic allowance sa 90 (kung ang bilang ng natitirang araw ng pagbayad ng itinalagang araw ng benepisyo ay mababa sa 90, bilang na katumbas ng natitirang araw ng pagbayad. 45 kung ang bilang na iyon ay mababa sa 45.) (nira-round off ang mga mababa sa 1 yen).

Gayundin, ang mga kwalipikadong tumanggap ng benepisyo na may itinalagang bilang ng araw ng benepisyo na 270 araw pataas ay 36 araw para sa lahat.

*May maximum na halaga ang araw-araw na halaga ng basic allowance kapag kinalkula ang Outfit allowance for full-time employment.

○ Mga nasa edad na mababa sa 60 nung umalis sa trabaho ・・・・・・・・・・ **6,195 yen**

○ Mga nasa edad 60 pataas, mababa sa edad 65 nung umalis sa trabaho ・・・ **5,013 yen**

(Ang maximum na halaga ng basic allowance ay maaaring magbago sa Agosto 1 bawat taon)

### Kailangan matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan

① Ang bilang ng natitirang araw ng basic allowance ay mababa sa 1/3 ng itinalagang bilang ng araw ng benepisyo.
② Nakahanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagpapakilala ng Hello Work, atbp. o ng employment agency na may permit at abiso
③ Tiyak na magpapatuloy sa pagtatrabaho nang 1 taon pataas.
④ Hindi employed muli sa parehong employer bago umalis sa trabaho.
⑤ May trabaho pagkatapos ng panahon ng paghihintay.
⑥ May trabaho pagkatapos ng panahon ng paghihigpit ng benepisyo.
⑦ Bilang pangkalahatang tuntunin, may natitirang bilang ng araw ng benepisyo sa araw ng pagtatrabaho
⑧ Employed sa ilalim ng kondisyon na makakakuha ng kwalipikasyon na maging insured ng Employment Insurance.
⑨ Hindi tumatanggap ng re-employment allowance o Outfit allowance for full-time employment sa pagtatrabaho sa loob ng 3 taon bago ang araw ng pagtatrabaho.
⑩ Hindi maaaring tumanggap ng re-employment allowance

*Kailangan nagtatrabaho sa opisina na iyon kapag isinasagawa ang pagsusuri tungkol sa pagbayad.

### Tungkol sa aplikasyon para sa Outfit allowance for full-time employment

**Ang takdang panahon ng aplikasyon ay sa loob ng isang buwan mula sa araw pagkatapos ng araw ng pagtatrabaho.**

Kung ikaw ay mag-aapply para sa Outfit allowance for full-time employment, mangyaring isumite ang mga sumusunod na dokumento sa Hello Work, atbp.

1. Application form para sa Outfit allowance for full-time employment (kailangan ang sertipiko ng employer sa pagtatrabahuan)
2. Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance
3. Iba pang mga dokumento na hinihingi ng Hello Work atbp.

* Maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo. Gayundin, kailangan ng tiyak na panahon ng pagsusuri (halos isang buwan) upang matukoy kung maaaring tumanggap o hindi ng pagbayad.

# 27 Tungkol sa Iba pang Employment Promotion Benefits

Ang gastusin para sa paglilipat, gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar ay kabilang sa iba pang employment promotion benefits.

## Tungkol sa Gastusin sa paglilipat

Ang gastusin sa paglilipat ay ibabayad kapag ang taong kwalipikadong tumanggap ng benepisyo ay magbabago ng lugar ng paninirahan upang kumuha ng trabaho na ipinakilala ng Hello Work, Specified Local Government, o employment agency, o upang dumalo sa pampublikong pagsasanay sa trabaho na itinagubilin ng Director ng Hello Work, at kung natukoy ng Director ng Hello Work na kailangan ito.

Ang mga maaaring tumanggap ng gastusin para sa paglilipat ay ang mga sumusunod.

Kapag ang taong kwalipikadong tumanggap ng benepisyo ay magbabago ng lugar ng paninirahan upang kumuha ng trabaho na ipinakilala ng Hello Work, Specified Local Government, o employment agency, o upang dumalo ng pampublikong pagsasanay sa trabaho na itinagubilin ng Director ng Hello Work ay naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na (a), (b).

(a) Kung nagtatrabaho o tumatanggap ng pagsasanay pagkatapos lumipas ang panahon ng paghihintay, at natukoy ng Director ng Hello Work na may hurisdiksyon na kailangan magbago ng lugar ng paninirahan.

Gayundin, kung naaangkop sa alinman sa mga sumusunod, ituturing na kailangan ang pagbabago ng lugar ng paninirahan.

i) Kapag ang round-trip na oras na kinakailangan upang mag-commute (lugar) sa pamamagitan ng ordinayong pasilidad ng transportasyon o gamit ang ordinaryong kagamitan sa transportasyon ay apat na oras pataas

ii) Kapag may malubhang hadlang sa pag-commute (lugar) dahil sa masamang transportasyon tulad ng hindi convenient ang unang (huling) tren ng transportasyon.

iii) Kapag hindi maiwasan ang paglilipat dahil kakaiba ang lugar na pagtatrabahuan o ang pasilidad para sa pagsasanay kung saan kumukuha ng pagsasanay, o dahil sa kahilingan ng employer

(b) Mga nagtatrabaho o dumadalo sa pampublikong pagsasanay para sa pagtatrabaho, ngunit ang reserbang pondo at iba pang gastusin para sa paglilipat ay hindi binayaran ng employer ng pagtatrabahuan, at ng tagapamahala ng pasilidad ng pampublikong pagsasanay para sa trabaho, atbp., o ang halaga ng pagbayad ay hindi sapat para sa halaga ng gastusin para sa paglilipat.

Gayundin, hindi babayaran ang gastusin para sa paglilipat kahit sa mga kasong kabilang sa (a) o (b) sa itaas, kung ang panahon na employed sa pagtatrabahuan ay mababa sa 1 taon, kung ang tao na nakaugalian ma-employed paulit-ulit ay muling na-employed sa parehong trabaho tulad ng trabaho bago umalis sa trabaho, o kung nakatanggap ng paghihigpit sa benepisyo dahil sa pagtanggi sa pagpapakilala ng trabaho, at kung nakahanap ng trabaho bago matapos ang panahong ng paghihigpit ng benepisyo na iyon, o tumatanggap ng pampublikong pagsasanay para sa trabaho.

(Para sa aplikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp.)

## Tungkol sa Gastusin para sa suporta sa aktibidad sa paghahanap ng trabaho

Ang gastusin para sa suporta sa paghahanap ng trabaho ay binubuo ng gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar, gastusin para sa short-term na pagsasanay, gastusin para sa paggamit ng serbisyo sa paghahanap ng trabaho, at binabayad ito kapag ang taong kwalipikadong tumanggap ng benepisyo ay naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na ①-③ na may kaugnayan sa paghahanap ng trabaho at kapag natukoy ng Director ng Hello Work na kailangan.

① Kung magsasagawa ng aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar dahil sa pagpapakilala ng Hello Work, atbp. (gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar)

② Kung dadalo ng short-term na pagsasanay dahil sa gabay sa trabaho ng Hello Work (gastusin para sa short-term na pagsasanay)

③ Kung gagamit ng serbisyo tulad ng pangangalaga sa bata upang mapadali ang aktibidad ng paghahanap ng trabaho (gastusin para sa paggamit ng serbisyo na may kaugnayan sa paghahanap ng trabaho)

[Gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar]

Ang maaaring tumanggap ng gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar ay ang mga naghahanap ng trabaho sa malawak na lugar dahil sa pagpapakilala ng Hello Work at kwalipikadong tumanggap ng benepisyo na naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na (a), (b).

(a) Ang pangangalap na ipinakilala ay regular na pangangalap na nauukol sa lugar ng trabaho ng potensyal na employer na naninirahan sa labas ng hurisdiksyon na tinuturing na angkop sa kwalipikadong tumanggap nito.

(b) Ang distansya na batayan sa pagkalkula ng pamasahe sa tren, pamasahe sa barko, pamasahe sa paglipad, at pamasahe sa sasakyan ay 200 kilometro pataas para sa round-trip na tren (1/4 kilometro sa tubig o lupa ay itinuturing na 1 kilometro ng tren bawat isa).

Ang mga kwalipikadong tumanggap ng nasa itaas na (a) at (b), ay hindi babayaran ng gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar kung hindi naaangkop sa mga sumusunod.

i) Kapag nagsimula ang paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar pagkatapos ng panahon ng paghihintay

ii) Kapag ang gastusin na kinakailangan para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar ay hindi binayaran ng opisina na binisita, o kapag ang halaga nito ay mas mababa sa halaga ng gastusin para sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar.

Gayundin, maliban sa i) at ii) sa itaas, kung ikaw ay nakatanggap ng paghihigpit ng benepisyo dahil sa pagtanggi sa pagpapakilala sa trabaho, atbp. at kung nagsimula ka sa paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar bago matapos ang panahon ng paghihigpit ng benepisyo na iyon, hindi ka babayaran ng gastusin para paghahanap ng trabaho sa malawak na lugar.

[Gastusin para sa short-term na pagsasanay]

Ang maaaring tumanggap ng gastusin para sa short-term na pagsasanay ay ang mga tumanggap ng edukasyon at pagsasanay na mababa sa isang buwan dahil sa gabay sa trabaho ng Hello Work at natapos ang pagsasanay na iyon, at mga kwalipikadong tumanggap ng benepisyo na naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na (a)-(d)

(a) Bago dumalo sa edukasyon at pagsasanay, tumatanggap ng gabay sa trabaho ng Hello Work para sa pagsasanay na iyon.

(b) Kwalipikadong tumanggap sa araw ng tumanggap ng gabay sa trabaho.

(c) Nagsimulang dumalo sa edukasyon at pagsasanay pagkatapos ng panahon ng paghihintay.

(d) Mga hindi natugunan ang mga kinakailangan para sa pagbayad para sa pangkalahatang edukasyon at pagsasanay kung dumalo sa kurso na itinalaga sa ilalim ng sistema ng benepisyo para sa edukasyon at pagsasanay (pangkalahatang edukasyon at pagsasanay)

[Gastusin para sa paggamit ng serbisyo na may kaugnayan sa aktibidad sa paghahanap ng trabaho]

Ang maaaring tumanggap ng gastusin para sa paggamit ng serbisyo na may kaugnayan sa aktibidad sa paghahanap ng trabaho ay ang mga kwalipikadong tumanggap ng benepisyo na naaangkop sa alinman sa mga sumusunod mula (a) hanggang (d) kapag gumamit ng serbisyo tulad ng pag-aalaga sa bata para sa mga anak upang makadalo sa panayam ng employer o kumuha ng edukasyon at pagsasanay.

(a) Kwalipikadong tumanggap ng benepisyo sa araw na gumamit ng serbisyo tulad ng pag-aalaga ng bata.

(b) Gumamit ng serbisyo tulad ng pag-aalaga sa bata pagkatapos ng panahon ng paghihintay.

(c) Ang "panayam sa potensyal na employer" ay hindi lamang panayam sa potensyal na employer, kundi pati na rin ang mga written examinations, konsultasyon sa trabaho na isinagawa ng Hello Work, atbp. at ng mga employment agency na may permiso/abiso, at maliban sa naaangkop sa pagpapakilala ng trabaho, kabilang ang mga explanatory sessions ng kumpanya kung saan maaaring makakuha ng gabay o indibidwal na konsultasyon kaugnay sa paghahanap ng trabaho na isinasagawa ng mga pampublikong institusyon (Japan Organization for Employment of the Elderly, Persons with Disabilities and Job Seekers, Lokal na munisipalidad, job information provider, kumpanya ng pahayagan, atbp.)

(d) Ang "pagdalo sa edukasyon at pagsasanay" ay nangangahulugan na kung dumadalo sa pampublikong pagsasanay para sa trabaho dahil sa tagubilin o rekomendasyon ng Hello Work, kung dumalo sa support training para sa mga naghahanap ng trabaho base sa plano para sa pagsuporta sa paghahanap ng trabaho, kung nakarehistro sa iba't ibang pasilidad para sa pagsasanay dahil sa gabay ng Hello Work, kung dumadalo sa pagsasanay na nararapat sa education and training benefits at pagsasanay na nararapat sa gastusin sa pagdalo ng short-term na pagsasanay, at kung dumadalo ng comissioned na pagsasanay o kurso na isinasagawa bilang serbisyo sa pagsuporta sa pansamantalang paglilipat at paglilipat.

(Para sa aplikasyon atbp., mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng Hello Work, atbp.)

## 28 Anong mangyayari kapag umalis muli sa trabaho pagkatapos makahanap ng trabaho?

### Kung hindi ka nakakuha ng bagong kwalipikasyon na tumanggap ng benepisyo

Kung may natitirang bilang ng araw ng pagbayad sa loob ng unang benefit period (tingnan ang pahina 8), maaaring tumanggap ng basic allowance sa loob ng saklaw na iyon. Gayunpaman, dahil ang araw na maaaring tumanggap ng pagbayad ay mula sa araw na pumunta ka sa Hello Work, atbp. pagkatapos umalis sa trabaho at nagbigay-alam upang mag-apply para sa muling paghahanap ng trabaho (pagkatapos ng panahon ng paghihigpit ng benepisyo kung may panahon ng paghihigpit ng benepisyo), kaya mangyaring pumunta at magbigay-alam sa Hello Work, atbp. sa lalong madaling panahon pagkatapos umalis sa trabaho.


Gayundin, kung ikaw ay tumanggap ng pagbayad tulad ng re-employment allowance, maaaring tumanggap ng basic allowance sa loob ng saklaw ng pagbabawas (ira-round off ang butal) ng bilang ng araw ng pagbayad na iyon.

**Mga kinakailangan sa pagbibigay-alam**

- □ Certificate of eligibility for unemployment benefits of employment insurance
- □ Job Separation Notice o abiso ng pagkumpirma ng kawalan (maaaring magamit sa ibang araw)

**Halimbawa**

Kapag ang tao na may itinalagang bilang ng araw ng benepisyo na 180 araw ay nakahanap muli ng trabaho pagkatapos tumanggap ng pagbayad ng basic allowance nang 60 araw at umalis sa trabaho pagkatapos tumanggap ng re-employment allowance nang 84 araw




Maaaring tumanggap ng basic allowance sa loob ng saklaw ng: 180 araw (itinalagang bilang ng araw ng benepisyo) - 60 araw (basic allowance) - 84 araw (re-employment allowance) = 36 araw.

**May espesyal na kaso kung saan ang benefit period ay maaaring ma-extend kung umalis muli sa trabaho pagkatapos tumanggap ng re-employment allowance atbp.**

Maaaring ma-extend ang tiyak na panahon ng benepisyo para sa mga tao na ang unang araw na umalis sa trabaho pagkatapos tumanggap ng re-employment allowance (Hindi kasama ang pag-alis sa trabaho pagkatapos ng bagong kwalipikasyon tumanggap ng benepisyo. Tinatawag itong "Pag-alis muli sa trabaho" sa ibaba.) ay nasa loob ng panahon ng pagtanggap, at muling umalis sa trabaho dahil sa pagkalugi ng kumpanya, tinanggal sa trabaho atbp.

### Kung ikaw ay tumanggap ng bagong kwalipikasyon na tumanggap ng benepisyo

